Alamin ang Iyong mga Karapatan

Basahin ang tungkol sa iyong mga karapatan sa bansang ito.







SURVIVING DOMESTIC ABUSE IN THE USA

1-800-799-SAFE (7233)

Alamin ang Iyong mga Karapatan[1]

Isinulat ni Alicia (Lacy) Carra, Leslye E. Orloff

WALANG SINUMAN ANG KARAPAT-DAPAT NA SAKTAN DAHIL SA KARAHASAN SA TAHANAN.
Anuman ang iyong katayuan sa imigrasyon, may karapatan kang maging ligtas sa sarili mong tahanan. May karapatan kang umalis o paalisin ang sinumang nananakit sa iyo at/o sa iyong mga anak—pisikal, emosyonal, o sekswal. Walang sinuman ang may karapatang saktan ka o ang iyong mga anak sa anumang paraan.

Ano ang karahasan sa tahanan?
Ang karahasan sa tahanan ay karahasang nagaganap sa pagitan ng mga kasalukuyan o dating magkapareha sa isang relasyon. Maaaring ito ay sa pagitan ng: mag-asawa, nobyo at nobya, magkaparehong kasarian, kamag-anak, at mga magulang at kanilang mga anak. Maaaring mangyari ang karahasan sa tahanan saanman—sa loob man o labas ng inyong bahay. Maaaring mangyari ito habang magkasama kayo sa iisang bahay, habang hiwalay na kayo, o kahit pagkatapos ng diborsyo.

Kung nakararanas ka ng karahasan sa tahanan, hindi ka nag-iisa. Napakakaraniwan ng karahasan sa tahanan. Kahit ito ay madalas na ikinukubli, umiiral ito sa bawat komunidad, sa lahat ng kultura, at sa lahat ng relihiyosong grupo.

Madalas lumalala ang karahasan sa tahanan sa paglipas ng panahon. Hindi ito kusang nawawala. Ang karahasan sa tahanan ay isang krimen sa Estados Unidos. Hindi mo kasalanan ang karahasan sa tahanan. Maaaring humingi ng tulong ang sinuman, kahit wala silang pahintulot mula sa pamahalaan upang manatili sa Estados Unidos.

Bagaman ginagamit sa booklet na ito ang “siya” upang tumukoy sa nananakit, kinikilala naming may mga lalaki ring biktima ng karahasan sa tahanan, at may mga kababaihang sinasaktan din ng kapwa babae. Ang VAWA ay idinisenyo upang maging pantay sa kasarian.

Maaaring kabilang sa Karahasan sa Tahanan ang:

- Pagsuntok, pagbugbog, pagkamot, o pagsipa sa iyo, sa iyong mga anak, o sa iyong mga alagang hayop;
- Pananakot na saktan o patayin ka;
- Puwersahang pakikipagtalik kahit ayaw mo;
- Pananakot na isumbong ka sa Department of Homeland Security (DHS) upang ipa-deport ka;
- Kinokontrol kung saan ka pupunta at kung sino ang maaari mong makita, kausapin, o sulatan;
- Kinokontrol ang iyong access sa pera, kinukuha ang iyong pera, o pinipilit kang ipaliwanag kung paano mo ginastos ang pera;
- Tumangging magsumite ng mga papel sa imigrasyon para sa iyo o pagbabanta na babawiin ang mga isinumiteng dokumento;
- Itinatago o sinisira ang iyong pasaporte at iba pang personal na dokumento;
- Pinaparamdam sa iyo na ikaw ay bilanggo sa sarili mong tahanan;

[1] “Ang polyetong ito ay ginawa ng National Immigrant Women’s Advocacy Project (NIWAP) sa American University, Washington College of Law at Legal Momentum at sinuportahan ng mga Grant Number 2005-WT-AX-K005 at 2011-TA-AX-K002 na iginawad ng Office on Violence Against Women, Office of Justice Programs, U.S. Department of Justice. Ang mga opinyon, natuklasan, konklusyon, at mga rekomendasyong ipinahayag sa publikasyong ito ay mula sa may-akda(ng mga) at hindi kinakailangang sumasalamin sa pananaw ng Department of Justice, Office on Violence Against Women.”

MGA HAKA-HAKA AT KATOTOHANAN TUNGKOL SA KARAHASAN SA TAHANAN

HAKA-HAKA: *Ang karahasan sa tahanan ay nangyayari lamang sa mga pamilyang Amerikano*

KATOTOHANAN: Ang karahasan ay nangyayari sa mga pamilya ng bawat kultura, nasyonalidad, relihiyon, antas ng lipunan, lahi, at kalagayang pang-ekonomiya.

HAKA-HAKA*: Ang pananakit ay isang usaping pampamilya lamang.*

KATOTOHANAN: Ang karahasan sa tahanan ay isang krimen, anuman ang relasyon ng mga taong sangkot.

HAKA-HAKA*: Wala akong legal na pahintulot na manatili sa Estados Unidos, kaya hindi ako maaaring humingi ng tulong.*

KATOTOHANAN: Ang sinumang babaeng nakararanas ng karahasan, anuman ang kanyang katayuan sa imigrasyon, ay may karapatang pumunta sa isang shelter/ bahay kanlungan, humingi ng proteksyon sa pamamagitan ng court order, tumawag sa pulis para humingi ng tulong, o gumamit ng anumang programa na tumutulong sa mga biktima ng karahasan sa tahanan.

HAKA-HAKA*: Madaling iwan ng mga babaeng sinasaktan ang mga nananakit* sa kanila.

KATOTOHANAN: Napakahirap iwanan ang isang nananakit. Maaaring matakot ang mga babae na sila ay masaktan nang matindi o mapatay kung susubukan nilang umalis. Maaaring wala silang kakayahang suportahan ang kanilang sarili. Maaaring gusto nilang buuin ang pamilya. Maaaring matakot silang mawalan ng kaibigan, pamilya, o ugnayan sa kanilang komunidad.

HAKA-HAKA*: Kung iiwan ko ang nananakit sa akin, siya ang magkakakuha ng kustodiya ng mga anak at hindi ko na sila makikita.*

KATOTOHANAN: Sa Estados Unidos, karaniwan nang hindi ipinagkakaloob ng korte ang kustodiya ng mga anak sa mga magulang na mapang-abuso. Totoo ito kahit ang isa sa mga magulang ay mamamayan at ang isa ay walang legal na katayuan sa imigrasyon.

Tulong na Maaaring Matanggap ng Lahat ng Inabusong Kababaihang Imigrante

Kahit wala kang legal na katayuan sa imigrasyon sa Estados Unidos, o kung ang iyong legal na status ay nakatali sa visa ng iyong nananakit na asawa o kapareha, maaari ka pa ring makatanggap ng lahat ng sumusunod na serbisyo:

- Mga serbisyo mula sa mga silungan at iba pang programa laban sa karahasan sa tahanan;
- Sibil na mga kautusang proteksyon mula sa korte;
- Kustodiya at suporta para sa mga anak;
- Tulong mula sa pulisya;
- Pang-emergency na medikal na pangangalaga;
- Maaaring kasuhan ng kriminal ang iyong nananakit; at
- Maaaring tumanggap ng mga benepisyo mula sa pamahalaan ang iyong mga anak na mamamayan.

Tulong ng Pulisya para sa mga Inabusong Imigrante

Ang karahasan sa tahanan ay labag sa batas. Kung nais mong umalis ng bahay, maaaring tulungan ka at iyong mga anak ng pulisya. Madalas ay maaari ka pa nilang ihatid sa isang ligtas na lugar. Maaaring arestuhin ng pulisya ang iyong asawa o kapareha kung sa tingin nila ay may naganap na krimen. Kung hindi nagsasalita ng iyong wika ang opisyal ng pulisya, maghanap ng taong maaaring magsalin para sa iyo o makatulong sa iyong paghingi sa pulisya na kumuha ng interpreter. Karamihan sa mga pulis ay hindi nagpapatupad ng mga batas sa imigrasyon. Gayunpaman, sa ilang lugar o pagkakataon, ginagawa nila ito. Maaari kang lumapit sa isang lokal na tagapagtaguyod ng karahasan sa tahanan o mula sa komunidad ng mga imigrante upang alamin kung ang lokal na pulisya sa inyong lugar ay nagpapatupad ng batas sa imigrasyon.

Mga opsyon sa imigrasyon kung ikaw ay sinaktan, inatake, o biktima ng kriminal na gawain

Mayroong labindalawang paraan kung paano ka o ang iyong anak ay maaaring maging kwalipikado para sa legal na katayuan sa imigrasyon nang hindi nalalaman, tinutulungan, o kinokontrol ng iyong nananakit. Ang uri ng immigration relief na maaari mong makuha ay depende sa:

- Kung sino ang nanakit sa iyo
- Kung ikaw ay kasal o naging kasal sa iyong nananakit (parehong kasal sa magkaibang kasarian at sa parehong kasarian ay kwalipikado);
- Kung ang iyong nananakit ay iyong magulang, amain/inain, o anak na higit sa 21 taong gulang;
- Kung ang iyong anak ay naging biktima ng pananakit;
- Ang katayuan sa imigrasyon at/o pagkamamamayan ng iyong nananakit;
- Kung ang iyong asawa ay kailanman nagsumite ng mga papeles sa imigrasyon para sa iyo;
- Kung pumasok ka sa Estados Unidos gamit ang isang fiancé visa

Ang mga opsyon sa imigrasyon para sa mga inabusong imigrante ay:

1. Ang sariling petisyon sa ilalim ng Violence Against Women Act (VAWA);
2. Ang waiver para sa inabusong asawa;
3. Kanselasyon ng Pagpapaalis (Cancellation of Removal) sa ilalim ng VAWA (para lamang sa mga inilagay na sa proseso ng deportasyon)
4. Ang visa para sa mga biktima ng krimen, na tinatawag na U-visa;
5. Batay sa kasarian (gender-based asylum);
6. Ang visa para sa mga biktima ng human trafficking, na tinatawag na T-visa;
7. VAWA NACARA (Nicaraguan Adjustment and Central American Relief Act) ng 1997;
8. VAWA Haitian Refugee Immigration Fairness Act ng 1998 (HRIFA);
9. VAWA Cuban Adjustment Act ng 1966;
10. Mga Proteksyon para sa Inabusong Ampon sa ilalim ng VAWA;
11. Espesyal na Katayuang Imigrante para sa mga Kabataan (Special Immigrant Juvenile Status) – kabilang ang mga espesyal na proteksyon sa ilalim ng VAWA 2005;
12. Proteksyon at akses sa ilalim ng Batas sa Regulasyon ng Pandaigdigang Tagapamagitan ng Kasal (International Marriage Broker Regulation Act);

Sariling Petisyon sa Ilalim ng Violence Against Women Act (VAWA)

Ang "sariling petisyon" sa ilalim ng Violence Against Women Act (VAWA) ay maari para sa mga asawa at anak na inabuso ng kanilang asawang mamamayan ng U.S. o legal permanent resident, magulang na mamamayan ng U.S. o legal permanent resident, o anak na mamamayan ng U.S. na higit sa 21 taong gulang. Kung ikaw ay sinaktan o dumanas ng matinding kalupitan, hindi mo kailangang umasa sa mapang-abusong asawa, magulang, o anak na higit sa 21 taong gulang upang magsumite ng mga papeles para makakuha ng legal na katayuan sa imigrasyon. Ang mga proteksyong ito ay para sa lahat ng kasal na tao, kabilang ang parehong kasal sa magkaibang kasarian at parehong kasarian.

Ang mga anak na hindi kasal at nasa ilalim ng edad 21 na inaabuso ng isang magulang na mamamayan ng U.S. o legal permanent resident ay maaari ring maging kwalipikado para sa sariling petisyon, kung magsusumite sila bago tumuntong sa edad na 25.

Kung ang iyong anak ay inabuso ng iyong asawa na mamamayan o legal permanent resident ng U.S., maaari ka ring maging kwalipikado para sa sariling petisyon, kahit hindi ikaw mismo ang inabuso.

Kung ang iyong asawa o magulang ay hindi kailanman nagsumite ng aplikasyon para sa iyong "green card," o kung siya ay nagsumite ngunit binawi ito, o kung siya ay nagsumite ngunit natatakot kang hindi ka niya tutulungan upang makuha ang iyong "green card," maaari kang makapag-aplay para sa isang **VAWA SARILING PETISYON.**

Maaari kang maging kwalipikado para sa sariling petisyon KUNG IKAW AY:

- Kasal sa isang mamamayan ng U.S. o legal permanent resident; O
- Diborsiyado sa loob ng hindi hihigit sa dalawang taon mula sa isang mamamayan ng U.S. o legal permanent resident na asawa; O
- Anak ng isang mamamayan ng U.S. o legal permanent resident; O
- Magulang ng isang anak na mamamayan ng U.S. na higit sa 21 taong gulang AT

- Nakatira ka sa Estados Unidos; O
- Nakatira ka sa ibang bansa AT
  Ikaw ay inabuso habang nasa Estados Unidos; O
  Ang iyong mapang-abusong asawa o magulang ay isang empleyado ng pamahalaan ng U.S. o kasapi ng sandatahang lakas (armed forces); AT

- Ikaw o ang iyong anak ay inabuso o nakaranas ng matinding kalupitan mula sa iyong asawa o magulang.

2. Waiver para sa Inabusong Asawa

Ang ilang inabusong imigrante ay kasal sa mga asawa na nagsumite ng mga papeles sa imigrasyon para sa kanila, ngunit hindi tinapos ang proseso. Kung ang iyong asawang mamamayan ng U.S. ay nagsumite ng mga papeles sa imigrasyon para sa iyo ngunit kayo ay ikinasal nang mas mababa sa dalawang taon noong kayo ay nagpunta sa inyong panayam sa DHS, ang natanggap mo ay tinatawag na "conditional temporary residency," na tumatagal ng dalawang taon. Sa pagtatapos ng dalawang taon, kinakailangan ninyong magsumite nang magkasama ng kahilingan upang makuha mo ang legal permanent residency.

Kung ikaw ay inabuso o nakaranas ng kalupitan, at tumanggi ang iyong asawa na tulungan ka sa pagsumite ng petisyon para makalipat mula sa conditional status patungong legal permanent residency, maaari kang humiling ng WAIVER PARA SA INABUSONG ASAWA upang mapanatili ang iyong legal na katayuan sa imigrasyon.

Kwalipikado ka para sa battered spouse waiver kung:

13. Mayroon kang kondisyonal na "green card" na may bisa ng dalawang taon; AT
14. Ikaw o ang iyong anak ay sinaktan o nakaranas ng matinding kalupitan mula sa iyong asawang mamamayan ng U.S.
    AT
15. Maaari mong patunayan na ang iyong kasal ay tunay at may bisa.

Maaari kang magsumite ng waiver para sa inabusong asawa anumang oras. Hindi mo kailangang maghintay ng dalawang taon. Hindi malalaman ng nananakit sa iyo na ikaw ay nagsumite ng kahilingan. Maaari kang magsumite kahit nakatira ka pa rin sa iyong nananakit, kung ikaw ay hiwalay na, o kung kayo ay diborsyado na.

3. VAWA Cancellation of Removal

Ang ilang inabusong imigrante na kwalipikado para sa VAWA ngunit wala pa silang immigration status sa ilalim nito ay minsang isinusumbong sa DHS ng kanilang mga nananakit o nahuhuli ng DHS. Maaari pa rin silang makakuha ng legal na paninirahan sa pamamagitan ng tinatawag na "cancellation of removal" (dating tinatawag na suspension of deportation). Ito ay para lamang sa mga taong nasa proseso na ng deportasyon. Upang maging kwalipikado, kailangan mong patunayan na ikaw ay:

- Nakatira nang tuluy-tuloy sa Estados Unidos nang higit sa tatlong taon;
- Nasa Estados Unidos nang walang legal na status;
- Ikaw o ang iyong anak ay sinaktan o nakaranas ng matinding kalupitan;
- Ang taong nanakit o naging malupit sa iyo o sa iyong anak/ mga anak ay:

Ang iyong kasalukuyan o dating asawa na isang mamamayan ng U.S. o legal permanent resident;
Iyong mamamayan ng U.S. o legal permanent resident na magulang o amain/inain kung ikaw ay wala pang 21 taong gulang; O
Ang mamamayan ng U.S. o legal permanent resident na isang magulang ng iyong inabusong anak;

- Kailangan mong patunayan na ang pagpapa-deport sa iyo ay magdudulot ng matinding kahirapan sa iyo o sa iyong anak.

Kung ikaw ay kwalipikado, maaaring ipawalang-bisa ng korte ang iyong deportasyon/pagpapaalis at bigyan ka ng legal permanent residency. Kung ikaw ay pinagkalooban ng cancellation of removal, ang sinuman sa iyong mga anak na wala pang 21 taong gulang, kahit sila ay nasa Estados Unidos o nasa ibang bansa, ay maaaring makatanggap ng humanitarian parole. Ibig sabihin, bibigyan sila ng pahintulot na pumasok sa Estados Unidos at manirahan kasama mo habang isinusumite mo ang mga papeles para sa kanilang legal na katayuan sa imigrasyon.

---

3 8 U.S.C. § 1154(a)(1)(A) (2007).

Kung matalo ang iyong kaso para sa VAWA cancellation, maaari kang ma-deport. Kaya siguraduhing may kasama kang kwalipikadong abogadong pang-imigrasyon.

4. U-visa para sa mga Biktima ng Krimen

Ang U-visa ay nagbibigay ng akses sa legal na katayuan sa imigrasyon para sa mga imigranteng biktima ng karahasan sa tahanan, panggagahasa, sekswal na pag-atake, at ilang iba pang uri ng kriminal na aktibidad—karamihan sa mga ito ay marahas na krimen. Ang mga aprubadong aplikante ng U-visa ay maaaring makatanggap ng legal na pahintulot upang magtrabaho.

Ang U-visa ay lalong kapaki-pakinabang kung ikaw ay inabuso ng:

- Isang nobyo o nobya; O
- Isang asawa, magulang, o anak na hindi mamamayan ng U.S. o legal permanent resident; O
- Isang estranghero, amo, katrabaho, kakilala, kamag-anak, biyenan, at iba pa.

Walang epekto ang iyong relasyon sa nananakit. Hindi rin mahalaga ang katayuan sa imigrasyon o diplomatiko ng nananakit.

Upang maging kwalipikado para sa U-visa, kailangan mong patunayan na:

- Malubhang pisikal o emosyonal na pang-aabuso dulot ng isang kriminal na aktibidad;
- Na ikaw ay may taglay na impormasyon tungkol sa kriminal na aktibidad;
- Na ang kriminal na aktibidad ay naganap sa Estados Unidos o lumabag sa batas ng U.S.;

AT

- Na nakakuha ka ng sertipikasyon mula sa isang opisyal ng pamahalaan na nagsasaad na ikaw ay:
  - Nakatulong na; O
  - Malamang na makatulong; O
  - Kasalukuyang tumutulong sa imbestigasyon o pagsasakdal ng kriminal na aktibidad.

Maraming iba't ibang opisyal ng pamahalaan ang maaaring magbigay ng sertipikasyon tungkol sa iyong naging tulong o maaaring maitulong sa hinaharap. Kumonsulta sa iyong abogado para sa karagdagang impormasyon kung sino ang maaaring magbigay ng sertipikasyon.

Dapat ikaw ay naging biktima ng isa sa mga sumusunod na pangkalahatang uri ng kriminal na aktibidad upang makapag-aplay para sa isang U-visa:

• Panggagahasa, • Tortyur, • Human trafficking (kalakalan ng tao) sa loob ng mga bilangguan, • Incest (pakikipagtalik sa kamag-anak), • Stalking (paniniktik), • Karahasan sa tahanan, • Sekswal na pag-atake, • Mapang-abusong pakikipag-ugnayang sekswal, • Prostitusyon, • Sekswal na pagsasamantala, • Pagputol o pananakit sa ari ng babae (female genital mutilation), • Pagkakabihag o pagiging bihag (being held hostage), • Sapilitang pagtatrabaho bilang utang na hindi matubos (peonage), • Sapilitang paglilingkod (involuntary servitude), • Kalakal ng alipin (slave trade)	• Pagdukot, • Pagsasama nang labag sa kalooban (abduction), • Ilegal na pagpigil o paglimita sa kalayaan (unlawful criminal restraint), • Pekeng pagkakakulong (false imprisonment), • Pananakot gamit ang lihim o impormasyon (blackmail), • Pangingikil (extortion), • Pagpatay na hindi sinasadya (manslaughter), • Pagpatay (murder) • Malubhang pananakit (felonious assault), • Panghihimasok o pananakot sa isang saksi (witness tampering), • Paghahadlang sa hustisya (obstruction of justice), • Pagsisinungaling sa[4] ilalim ng panunumpa (perjury), • Pagtangkang gawin, sabwatan, o pag-uudyok na gawin ang alinman sa mga krimeng ito.

[4] Hindi direktang biktima sa kaso ng pagpatay (murder) o pagpatay na hindi sinasadya (manslaughter): mga menor de edad na anak at asawa ng direktang biktima, at mga magulang at mga anak na wala pang asawa.

Dapat ay handa kang makipagtulungan sa imbestigasyon o pagsasakdal ng kriminal na aktibidad na ginawa laban sa iyo. Maaari kang mag-aplay para sa U-visa sa oras na makakuha ka ng opisyal na sertipikasyon at makalikom ng ebidensiya ng "malubhang pisikal o emosyonal na pang-aabuso."

Maaari ka pa ring makatanggap ng U-visa kahit hindi pa naisampa ang kasong kriminal, kung nagpasya ang mga piskal na huwag magsampa ng kaso, kung naisampa man ang kaso ngunit hindi ka kailangan bilang saksi, kung ang nanakit ay hindi maaaring kasuhan dahil siya ay isang diplomat, kung siya ay nakatakas sa pag-aresto, o kung hindi siya nahatulan sa krimen.

Maaaring makatanggap ng U-visa ang iyong mga anak kung sila ay kwalipikado bilang biktima ng kriminal na aktibidad nang mag-isa o kung sila ay iyong mga anak ayon sa batas ng imigrasyon. Ang ilang iba pang miyembro ng pamilya ay maaari ring makatanggap ng U-visa batay sa kanilang relasyon sa pangunahing biktima ng kriminal na aktibidad.

5. Asilo Batay sa Kasarian (Gender-Based Asylum)

Sa ilang mga kaso, ang mga inabusong imigrante ay maaari ring maging kwalipikado para sa isang uri ng imigrasyon na tinatawag na asilo batay sa kasarian (gender-based asylum). Ito ang isa sa pinakamahirap na uri ng proteksyong imigrasyon na makuha, kaya mahalagang humingi ng tulong mula sa isang abogadong may dalubhasa sa gender-based asylum.

Upang maging kwalipikado para sa asylum sa U.S., kailangan mong patunayan na ikaw ay isang refugee. Upang maituring na refugee, dapat mong patunayan na may makatwirang takot ka na mapahamak sa iyong bansang pinagmulan—ang takot na ito ay legal na tinatawag na persecution (pag-uusig o panunupil). Kailangan mong ipakita na ang pag-uusig na iyon ay dahil sa iyong, **Lahi**, **Relihiyon, Nasyonalidad, Pagiging bahagi ng isang partikular na grupo sa lipunan (membership in a particular social group), o Paniniwalang pampulitika (political opinion).**

Kailangan mo ring patunayan na ang pag-uusig na naranasan mo ay ginawa ng isang dayuhang pamahalaan, o na ang pamahalaan ng iyong bansa ay hindi kayang o ayaw kang protektahan laban sa kapinsalaan.

Karaniwan, mayroon ka lamang isang taon mula pagdating mo sa U.S. upang magsumite ng aplikasyon para sa asylum. Ang ilang inabusong imigrante na kwalipikado sa gender-based asylum ay maaari ring maging kwalipikado para sa U-visa kung ang karahasan sa tahanan ay naganap sa loob ng Estados Unidos. [5]

6. Mga Visa para sa mga Biktima ng Human Trafficking (T-visa)

Kung ikaw ay nakapasok sa U.S. at na-recruit, na-coerce (pinilit), nalinlang, o napilitang pasukin ang isang trabaho na hindi mo kayang lisanin, maaari kang maituring na biktima ng human trafficking. Bilang biktima ng trafficking, maaari kang maging kwalipikado para sa T-visa.
Para sa layunin ng T-visa, ang trafficking ay tinutukoy bilang:

> "Sex trafficking na kung saan ang isang gawaing sekswal para sa komersyal na layunin ay pinilit sa pamamagitan ng puwersa, panlilinlang, o pamimilit, o kung saan ang taong pinilit na gawin ang nasabing akto ay wala pang 18 taong gulang; o ang pagrerecruit, pagtatago, pagdadala, pagbibigay, o pagkuha ng isang tao para sa paggawa o serbisyo, sa pamamagitan ng paggamit ng puwersa, panlilinlang, o pamimilit, para sa layunin ng sapilitang paglilingkod, peonage (pagkakautang na may kasamang sapilitang paggawa), debt bondage, o pagka-alipin."

Upang maging kwalipikado para sa T-visa, kailangan mong matugunan ang sumusunod na apat na kondisyon:

- Dapat ikaw ay kasalukuyang biktima o naging biktima ng isang matinding uri ng human trafficking; at
- Dapat ikaw ay pisikal na naroroon sa Estados Unidos, American Samoa, o sa Commonwealth of the Northern Mariana Islands, o nasa Port of Entry, dahil sa

Mga nakababatang kapatid (minor siblings) kung ang direktang biktima ay wala pang 21 taong gulang. Tingnan ang New Classification for Victims of Criminal Activity; Eligibility for "U" Nonimmigrant Status, 72 Fed. Reg. 53014, 53017 (Sept. 17, 2007) (na ikokodigo sa 8 C.F.R. pts 103, 212, 214, 248, 272a at 299).

[5]Tingnan ang 8 U.S.C. §§ 1101(a)(4), 1101(a)(15)(U) (2007)

- trafficking; at
- Dapat ikaw ay tumulong o nagpapakita ng kahandaang tumulong sa anumang makatwirang kahilingan para sa tulong sa imbestigasyon o pagsasakdal ng trafficking — O — ikaw ay wala pang 18 taong gulang;
  - Kung ang iyong pisikal o sikolohikal na trauma ay nagpapahirap sa iyo na makipagtulungan sa mga awtoridad, maaari kang maging kwalipikado sa isang waiver para sa kahilingang ito.
- Dapat mong ipakita na ikaw ay makararanas ng matinding paghihirap na may kasamang hindi pangkaraniwang at malubhang pinsala kung ikaw ay papaalisin sa bansa.

Ang mga may hawak ng T-visa ay maaaring makatanggap ng legal na pahintulot sa pagtatrabaho at binibigyan ng parehong akses sa mga pampublikong benepisyo gaya ng sa mga refugee.
Ang asawa, mga anak, mga magulang, at mga kapatid ng menor de edad na may hawak ng T-visa ay maaari ring makatanggap ng imigrasyon na tulong at mga kaugnay na benepisyo.

7. VAWA NACARA (Nicaraguan Adjustment and Central American Relief Act of 1997)

Kung ang iyong mapang-abusong asawa o magulang ay Nicaraguan o Cuban, maaaring kwalipikado ka para sa VAWA NACARA.
Ito ay sariling petisyon para sa mga inabusong asawang Nicaraguan o Cuban at kanilang mga anak.Tinutulungan ng VAWA NACARA ang mga biktima na ang mga nananakit sa kanila ay hindi nagsampa ng aplikasyon para sa lawful permanent residency para sa kanilang sarili.
Ang inabusong asawa o anak ay kailangang nasa Estados Unidos noong ang unang aplikasyon ay isinampa (bago ang Abril 1, 2000).

Kung ang iyong nananakit ay isang asawang El Salvadoran, Guatemalan, o mula sa Eastern Europe, maaaring kwalipikado ka rin para sa tulong ng VAWA NACARA.
Nag-aalok ang VAWA NACARA ng proteksyon mula sa deportasyon at akses sa lawful permanent residency para sa mga inabusong asawa at anak na kasama ng nananakit noong ang abusadong asawa o magulang ay nagsampa o tumanggap ng suspension of deportation, cancellation of removal, asylum, o temporary protected status.Pinapayagan nito ang mga inabusong asawa, anak, at mga anak ng inabusong asawa na pansamantalang maprotektahan mula sa pagpapaalis—kahit na hindi na sila kasal sa abusado, kung sila ay kasal noong isinampa nila ang kanilang kaso.

8. VAWA HRIFA (Haitian Refugee Immigration Fairness Act of 1998)

Kung ang iyong nananakit ay Haitian, maaaring kwalipikado ka para sa VAWA HRIFA. Ibig sabihin nito na ang mga Haitian (mga katutubo, mamamayan, at nasyonal) ay maaaring baguhin ang kanilang katayuan upang maging lawful permanent residents basta't ang kanilang mga aplikasyon ay naisumite bago ang Abril 1, 2000 at natugunan nila ang pangkalahatang mga kinakailangan para sa lawful permanent residency. Ang mga asawa, mga anak na wala pang 21 taong gulang, at mga anak na lalaki o babae na hindi pa kasal ng isang kwalipikadong imigrante ay maaari ring makatanggap ng lawful permanent residency sa ilalim ng HRIFA—kung sila ay Haitian at nasa Estados Unidos sa petsa ng pagsumite ng aplikasyon. May espesyal na tulong na makukuha sa ilalim ng VAWA para sa mga asawa at anak na sinaktan o nakaranas ng matinding kalupitan mula sa isang kwalipikadong Haitian, kahit na ang abusadong Haitian na asawa o magulang ay hindi kailanman nagsumite ng aplikasyon para sa lawful permanent residency.

9. VAWA CUBAN ADJUSTMENT (Cuban Adjustment Act of 1966)

Kung ang iyong mapang-abusong asawa o magulang ay Cuban, maaaring kwalipikado ka para sa VAWA Cuban Adjustment, anuman ang iyong sariling pagkamamamayan o lugar ng kapanganakan. Ang Cuban Adjustment Act (CAA) ay nagpapahintulot sa mga Cuban (mga katutubo at mamamayan ng Cuba) na magsumite at baguhin ang kanilang katayuan sa imigrasyon upang maging lawful permanent residents basta sila ay na-inspeksyon at pinapasok o na-parole sa Estados Unidos pagkatapos ng Enero 1, 1959. Dapat silang pisikal na naninirahan sa U.S. nang hindi bababa sa isang taon, at dapat nilang matugunan ang mga kinakailangan para sa lawful permanent residency.
Ang mga asawa at anak ay maaari ring makatanggap ng lawful permanent residency sa ilalim ng CAA kung sila ay nakatira kasama ng kanilang asawang Cuban Adjustment Applicant o magulang sa Estados Unidos. May espesyal na tulong na magagamit para sa mga asawa at anak na sinaktan o nakaranas ng matinding kalupitan mula sa isang kwalipikadong Cuban, kahit pa hindi nagsumite ng aplikasyon ang abusadong Cuban

at kailanman ay hindi nagsumite ng aplikasyon para sa lawful permanent residency sa ilalim ng CAA. Hindi kinakailangan na kasalukuyan silang nakatira kasama ang asawa o magulang.

10.VAWA Sariling Petisyon para sa Inabusong Ampon na Bata

Karaniwan, ang mga ampon na bata ay kailangang manirahan kasama ang kanilang mga ampon na magulang sa loob ng dalawang taon bago sila makakuha ng legal na katayuan sa imigrasyon. Ngunit sa ilalim ng VAWA, pinapayagan ang mga inabusong ampon na bata na makakuha ng permanent residency kahit gaano pa sila katagal nasa legal na kustodiya ng kanilang ampon na magulang. Hindi nila kailangang tuparin ang residency requirement. Upang maging kwalipikado, ang bata ay kailangang sinaktan o nakaranas ng matinding kalupitan mula sa ampon na magulang o mula sa kamag-anak ng ampon na magulang.

11. Special Immigrant Juvenile Status (SIJ)

Kung ikaw ay wala pang 21 taong gulang, nasa Estados Unidos, at ikaw ay inabuso, pinabayaan, o iniwan, maaari kang maging kwalipikado bilang isang Special Immigrant Juvenile (SIJ) para sa layunin ng imigrasyon. Upang maging kwalipikado, dapat ay ikaw ay idineklarang dependent ng isang juvenile court, na malawak na itinatakda bilang isang hukuman sa Estados Unidos na may kakayahang gumawa ng mga desisyon tungkol sa kustodiya at pangangalaga ng mga menor de edad, o ang hukuman ay dapat nag-utos ng paglagay mo sa kustodiya ng isang ahensiya, departamento, o indibidwal ng estado.

Dapat mo ring patunayan na ang muling pagsasama sa isa o parehong magulang ay hindi posible dahil sa pang-aabuso, kapabayaan, pag-abandona, o katulad na batayan sa ilalim ng batas ng estado. Dagdag pa rito, dapat tukuyin ng korte na hindi makabubuti sa iyong kapakanan na bumalik ka sa iyong bansang pinagmulan. Kapag ang isang bata ay inabuso, sinaktan, pinabayaan, o iniwan, may espesyal na probisyon sa ilalim ng VAWA na nagbabawal sa mga opisyal ng pamahalaan ng estado at pederal na pilitin ang bata na makipag-ugnayan sa nanakit sa kanya o sa kamag-anak ng nanakit sa anumang bahagi ng proseso ng aplikasyon para sa SIJ status.

12. Mga Babaeng Nakilala ang Kanilang Asawa sa Pamamagitan ng Pandaigdigang Tagapamagitan ng Kasal (International Matchmaking Agencies)

(Batas sa Regulasyon ng Pandaigdigang Tagapamagitan ng Kasal (IMBRA) ng 2005)

Ang mga babaeng nakilala ang kanilang asawang mamamayan ng U.S. o legal permanent resident sa pamamagitan ng kasunduang kasal o isang pandaigdigang tagapamagitan ng kasal (international matchmaking agency) ay may legal na akses sa mga kautusang proteksyon (protection orders), tulong mula sa pulisya, silungan, at mga serbisyo laban sa karahasan sa tahanan, anuman kung paano nila nakilala ang kanilang mapang-abusong asawa, fiancé, o nobyo. Mayroon silang kaparehong mga karapatan tulad ng ibang imigranteng babae upang makamit ang lawful permanent residency sa pamamagitan ng kanilang kasal. Mayroon din silang karapatang makita ang kasaysayang kriminal ng lalaki at anumang kautusang proteksyon laban sa karahasan sa tahanan na naipataw laban sa kanyang fiancé o asawa.

Kung ikaw ay dumating sa Estados Unidos gamit ang isang fiancé visa, upang maging kwalipikado para sa status sa imigrasyon, kailangan mong:

- Dapat mong pinakasalan ang indibidwal na orihinal na nag-ayos ng fiancé visa; at
- Dapat kayong legal na nagpakasal sa loob ng 90 araw mula nang ikaw ay pumasok sa Estados Unidos gamit ang nasabing fiancé visa.

Kung ikaw ay pumasok sa Estados Unidos gamit ang isang fiancé visa at ang iyong fiancé ay hindi ka pinakasalan, o kung nagpakasal ka sa ibang mamamayan ng U.S., legal permanent resident, may hawak ng work visa, o ibang tao na nananakit sa iyo, o kung ikinasal kayo ng iyong fiancé matapos lumipas ang 90-araw na panahon, humingi ng tulong mula sa isang abogadong dalubhasa sa imigrasyon upang malaman kung ano pang ibang mga opsyon sa imigrasyon ang maaaring bukas para sa iyo.

Pagiging Lihim ng Violence Against Women Act (VAWA)

Kinikilala ng Kongreso na ang mga nananakit sa mga imigranteng biktima at ang mga gumawa ng krimen tulad ng human trafficking at sekswal na pag-atake ay madalas na nagbabanta sa mga biktima ng deportasyon. Upang pigilan ang mga abusado at kriminal na gamitin ang mga opisyal ng imigrasyon bilang kasangkapan ng kanilang pang-aabuso o kriminal na gawain, lumikha ang Kongreso ng VAWA Confidentiality. Ang VAWA Confidentiality ay nagbibigay ng mga sumusunod na proteksyon para sa mga biktima:

Ang mga empleyado ng Department of Homeland Security (DHS), Department of State, Department of Justice, at Department of Labor ay HINDI MAAARING:

- Umasa sa impormasyon mula sa isang abusado o kamag-anak ng abusado upang magpasya kung ang biktima ay karapat-dapat para sa anumang tulong pang imigrasyon
- Gamitin o ibahagi ang anumang impormasyon na nakapaloob sa o tumutukoy sa pagkakaroon ng anumang kaso ng VAWA self-petition, T-visa, o U-visa. Ang mga opisyal o hukom ng family o criminal court, pati na rin ang mga tagapagpatupad ng batas, ay hindi rin maaaring gumamit o magbunyag ng impormasyon tungkol sa mga kasong ito.
- Magsagawa ng enforcement action laban sa isang imigranteng biktima sa alinman sa mga sumusunod na lokasyon:
  - Isang silungan (shelter);
  - Sentro para sa mga biktima ng panggagahasa (rape crisis center);
  - Sentro ng binabantayang pagdalaw (supervised visitation center);
  - Family justice center;
  - Programa o tagapagbigay ng serbisyo para sa mga biktima (victim services program or provider);
  - Organisasyong nakabase sa komunidad (community-based organization);
  - Hukuman (courthouse) na may kaugnayan sa alinmang kaso ng protection order, kustodiya ng bata, o kasong sibil o kriminal na may kinalaman sa o may kaugnayan sa karahasan sa tahanan, sekswal na pag-atake, human trafficking, o stalking.

Kung nararamdaman mong ang iyong nananakit ay nakipag-ugnayan sa imigrasyon o mga tagapagpatupad ng batas gamit ang impormasyon tungkol sa iyo, sabihin ito kaagad sa iyong tagapagtaguyod (advocate) o abogado.

Dapat mong isaalang-alang na magdala ng mga kopya (hindi orihinal) ng mga dokumento tungkol sa iyong kaso ng VAWA, T-visa, o U-visa (tulad ng prima facie determinations o mga aprubadong papeles), upang maipakita ito sa opisyal ng imigrasyon kung ikaw ay mapahinto. Kung maaari, mag-iwan ng mga kopya sa isang pinagkakatiwalaang kaibigan, kamag-anak, o sa iyong abogado.

Kung naniniwala kang maaari kang maging kwalipikado para sa legal na katayuan sa imigrasyon na inilarawan sa booklet na ito—kabilang ang VAWA self-petition, U-visa, o T-visa—dapat kang makipag-ugnayan sa isang abogadong pang-imigrasyon sa lalong madaling panahon.
Makakatulong ito upang maprotektahan ka kung sakaling makipag-ugnayan sa iyo ang DHS.

Karapatan ng mga Inabusong Imigrante na Maka-access ng Silungan at mga Programa Laban sa Karahasan sa Tahanan

May iba't ibang serbisyong maaaring tumulong sa iyo, kabilang ang: mga silungan (shelters), ospital, pulisya, legal aid, at iba pang serbisyo mula sa komunidad.
Ang isang shelter ay isang ligtas at lihim na tahanan, karaniwang libre, kung saan ikaw at ang iyong mga anak ay maaaring tumuloy. Ang mga silungan ay nagbibigay ng pagkain, libreng tirahan, counseling, at maaaring tumulong sa iyo na makakuha ng legal na payo. Maaaring makatulong din ang shelter na makahanap ka ng permanenteng tirahan, pagsasanay sa trabaho, at malaman kung kayo ng iyong mga anak ay kwalipikado para sa mga pampublikong benepisyo.
Maaari kang makahanap ng shelter sa pamamagitan ng pagtawag sa iyong lokal na domestic violence program o sa National Domestic Violence Hotline — (800) 799-SAFE.
Lahat ng domestic violence shelters ay kailangang tumulong sa iyo, kahit ikaw ay walang dokumento o undocumented.
Kung iiwan mo ang iyong tahanan, gawin ang lahat ng makakaya mong isama ang iyong mga anak.
Subukan mo ring dalhin ang iyong mga mahalagang dokumento. May listahan ng mga mungkahi sa dulo ng booklet na ito.
Kung ang iyong abusadong asawa, magulang, o anak na higit sa 21 taong gulang ay isang mamamayan ng U.S. o lawful permanent resident, bago ka umalis, subukang maghanap ng ligtas na paraan upang isulat ang kanyang alien registration number ("A" number).
Makikita ito sa kanyang green card, naturalization papers, o ibang dokumento sa imigrasyon na maaaring kanyang isinampa para sa iyo o sa iyong mga anak.
Kung siya ay isang mamamayan ng U.S., isulat ang kanyang passport number o subukang makakuha ng kopya ng kanyang pasaporte o sertipiko ng kapanganakan.
Ang pagkakaroon ng mga numerong ito ay lubos na makatutulong sa iyong VAWA immigration case.

Pagkolekta ng "Anumang Kapani-paniwalang Ebidensya" Para sa Iyong Aplikasyon

Kung ikaw ay kwalipikado na magsumite ng aplikasyon para sa alinman sa mga VAWA immigration relief na nabanggit sa itaas, kakailanganin mong mangalap ng ebidensya para sa iyong aplikasyon, tulad ng:

- Ang iyong nakasulat na salaysay (affidavit/patotoo),
- Mga salaysay mula sa mga kaibigan, miyembro ng pamilya, tagapagtaguyod ng biktima, o mga manggagawa sa silungan,
- Mga kopya ng iyong protection order,
- Mga talaan mula sa ospital o klinika (medical records),
- Mga larawan ng iyong mga pinsala,
- Mga ulat ng pulisya (police reports),
- Mga dokumento ng korte (tulad ng trial transcripts, motions, atbp.), O
- Mga artikulo mula sa diyaryo o balita.

Walang isang tiyak na dokumento na kailangan mong magkaroon upang mapatunayan ang iyong kaso. Ang anumang ebidensyang iyong isusumite sa DHS para sa iyong kaso ay hindi maaaring ibunyag sa iyong nananakit. Kung ikaw ay magbibigay ng testimonya sa immigration court, maaari mong hilingin sa korte na maglaan ng interpreter para sa iyo.[7]

Mga Proteksyon sa Batas Pamilya para sa mga Inabusong Imigrante

Tumawag sa isang abogadong pang-imigrasyon upang tumulong sa iyo bago ka magpa-divorce.

Kung ikaw ay isang inabusong imigrante at ang iyong asawa ay nagsampa ng diborsyo, o kung iniisip mong maghain ng diborsyo, kumontak agad sa isang abogadong pang-imigrasyon. Maaaring hadlangan ng diborsyo ang iyong karapatan na makakuha ng legal na katayuan sa imigrasyon.
Mahalaga ang tiyempo ng diborsyo, kasal, at mga aplikasyon sa imigrasyon, kaya agad na kumonsulta sa isang abogado. Maaaring kailanganin mong patunayan na ang inyong kasal ay tunay, kaya panatilihin ang mga ebidensya ng inyong pagsasama, tulad ng mga larawan ng pamilya o mga dokumento ng kasal.

PROTECTION ORDERS

Ano ang protection order?

Ang protection order (na tinatawag ding restraining order, CPO, o PPO) ay isang dokumento mula sa korte na nagsasaad na ang nananakit ay hindi maaaring gumawa o kailangang gawin ang ilang partikular na bagay.

Ano ang mga kinakailangan upang makakuha ng protection order?

- Depende sa batas ng bawat estado, kailangan mong patunayan na ikaw ay biktima ng karahasan sa tahanan o karahasan sa pakikipagrelasyon (dating violence);

AT

- Dapat ay mayroon ka o nagkaroon ka ng ugnayan sa iyong nananakit sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod:
  - Kasal (asawa, dating asawa, biyenan na babae o lalaki, anak/katiulang ama o ina);
  - Magkadugo (iyong tunay na ina, ama, mga kapatid, pinsan, tiyahin at tiyuhin);
  - Pag-aampon (adoption);
  - Pagkakaroon ng anak sa iisang tao;
  - Pagsasamang nanirahan sa iisang tahanan;
  - Kasalukuyan o dating romantikong relasyon (dating relationship).

Maaari kang makakuha ng protection order batay sa pananakit o karahasan sa tahanan (kahit may nakikitang pinsala o wala), sekswal na pag-atake, paniniktik, panliligalig, pagdukot ng magulang, o pagbabanta. Maaari kang magsampa ng protection order kung saan ka nakatira, kung saan nakatira ang nananakit, o kung saan naganap ang karahasan.

May karapatan kang makakuha ng Protection Order **kahit ikaw ay undocumented**. Hindi mo kailangang sagutin ang mga tanong tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon upang makakuha ng protection order o upang ito ay ipatupad.

[7] See U.S.C. § 1229b(b)(2)(D) (2007).

Makakatulong ba ang protection order sa aking aplikasyon sa imigrasyon?

Kung ikaw ay nag-aapply para sa imigrasyon na may kaugnayan sa karahasan sa tahanan, ang pagkakaroon ng protection order ay makakatulong upang ipakita na ikaw ay inabuso.
Makakatulong din ang protection order kung ito ay may kahilingang:

- Na hindi bawiin ng nananakit ang anumang aplikasyon sa imigrasyon na isinampa niya para sa iyo.
- Na hindi siya dapat gumawa ng anumang aksyon na makakasira sa iyong kaso sa imigrasyon at hindi siya dapat makipag-ugnayan sa anumang ahensya ng gobyerno, konsulado, o embahada tungkol sa iyo nang walang pahintulot mula sa hukom ng protection order.
- Na ibigay ng nananakit sa korte, o palitan kung sinira niya, ang iyong work permit, ID, bank card, sertipiko ng kapanganakan, sertipiko ng kasal, pasaporte, at iba pang mahahalagang dokumento.
- Na ibigay niya sa iyo ang mga kopya ng kanyang mga dokumento para sa iyong kaso sa imigrasyon o suporta sa anak, tulad ng kanyang pasaporte, ID card, income tax returns, mga bill, sertipiko ng kapanganakan, alien registration card (green card), at work permit. Maaari ring ipag-utos ng korte na ibigay niya sa korte at sa iyo ang kanyang social security number, passport number, at/o "A" number.
- Na bayaran ng nananakit ang mga bayarin para sa iyong kaso sa imigrasyon.
- Na pumirma ang nananakit ng isang "Freedom of Information Act" (FOIA) request upang ilabas ang impormasyon sa anumang kaso sa imigrasyon, kabilang ang para sa iyo o sa iyong mga anak, na isinampa niya.

Makakatulong ba ang protection order kung ang nananakit sa akin ay nagbanta na dukutin ang aming mga anak?

Ang pagdukot ng magulang (parental kidnapping) ay isang dahilan upang makakuha ng protection order sa maraming estado. Kung natatakot kang maalis ang iyong mga anak sa inyong komunidad o madala palabas ng Estados Unidos, isama sa iyong hiling sa protection order ang mga sumusunod:

- Maaari mong hilingin na ikaw lamang ang magkaroon ng kustodiya sa iyong mga anak pati na rin ang supervised visitation para sa nananakit.
- Na hindi maaaring ilabas ng nananakit ang iyong mga anak mula sa county kung saan ka nakatira nang walang utos mula sa korte;
- Na ipagbawal sa nananakit ang pag-alis sa mga bata mula sa Estados Unidos;
- Na ikaw, ang nananakit, at ang hukom ay lumagda sa isang kasulatan na nagbabawal sa embahada ng kanyang bansang pinagmulan na mag-isyu ng visa para sa iyong mga anak nang walang kautusan ng korte.
- Kung ang nananakit ay may hawak ng mga pasaporte ng mga bata, hilingin sa korte na isauli niya ito sa iyo o sa korte.
- Magpadala ng sulat at kopya ng iyong protection order sa U.S. Passport Office upang ipaalam na ikaw o ang korte ang may hawak ng mga pasaporte ng mga bata at na hindi dapat mag-isyu ng bagong pasaporte para sa kanila.
- Maaari ka ring mag-fill out ng form upang humiling ng abiso mula sa State Department kung sakaling subukan ng isang magulang na kumuha ng pasaporte para sa bata.[8]

Kailangan ko bang iwan ang nananakit upang makakuha ng protection order?

Hindi. Maaari kang magpa-isyu ng protection order laban sa isang tao kahit kayo ay magkasamang naninirahan. Maaaring iutos ng order na ito na itigil ng nananakit ang kanyang marahas na pag-uugali at/o dumalo sa isang counseling program para sa mga nananakit.

Paano ako makakakuha ng protection order?

Maaari kang makakuha ng protection order mag-isa o sa tulong ng isang tagapagtaguyod (advocate) o abogado. Maaari mong hilingin sa korte na magbigay ng interpreter upang tumulong sa iyo. Huwag gumamit ng interpreter na maaaring kampi sa o natatakot sa iyong nananakit.
Kung kailangan mo ng agarang tulong, maaari kang makita ng hukom sa parehong araw at makatanggap ng temporary protection order, na karaniwang tumatagal ng 2 linggo hanggang isang buwan.

[8] The Children's Passport Issuance Alert Program (CPIAP): summary of the program: http://travel.state.gov/family/abduction/resources/resources_๐๐.html and official form: http://www.state.gov/documents/organization/๘๐๑๑๑.pdf

Upang mag-aplay para sa isang protection order nang mag-isa: pumunta sa lokal na korte at punan ang isang petisyon para sa protection order. Sa petisyong ito, ilarawan ang buong kasaysayan ng karahasan. Magsimula sa mga pinakabagong insidente at isama kung paano ito nakaapekto sa iyo at sa buhay ng iyong mga anak. Maaari kang gumamit ng mas maraming pahina kaysa sa ibinigay ng korte at idikit ang mga ito sa form.

Pagkatapos mong isumite ang mga dokumento, kung humihiling ka ng pansamantalang kautusan, makakaharap ka ng hukom sa parehong araw.

Kahit na makakuha ka o hindi ng pansamantalang protection order, parehong ikaw at ang nanakit sa iyo ay kailangang humarap sa korte sa araw ng pagdinig para sa ganap na protection order. **Huwag pumunta sa pagdinig na ito mag-isa.** Hilingin sa isang tagapagtanggol o kaibigan na samahan ka. Sa panahon ng pagdinig, magkakaroon ka ng pagkakataong sabihin sa hukom ang tungkol sa lahat ng pang-aabuso at banta laban sa iyo at/o sa iyong mga anak. Ipaliwanag kung paano ito nakaapekto sa iyo at sa iyong mga anak. Dapat mo ring ipakita sa hukom ang mga punit na damit, mga litrato ng pinsala, mga sirang ari-arian, mga ulat medikal, at mga ulat ng pulis upang patunayan ang pang-aabuso..

Sa sistemang legal ng U.S., may halaga ang iyong sinumpaang salaysay at ito ay isang pormal at legal na tinatanggap na uri ng ebidensya. Ang salaysay ng isang babae ay kasinghalaga ng sa isang lalaki.
Makakatanggap ka ng isang pakete na naglalaman ng kopya ng petisyong iyong isinumite, abiso ng petsa ng iyong pagdinig para sa ganap na protection order, at kopya ng anumang naisyung pansamantalang protection order. Kailangang maipahatid din sa nanakit sa iyo ang mga dokumentong ito ("served"). Depende sa iyong estado, ang pagpapahatid ng mga dokumentong ito ay maaaring responsibilidad ng estado o ng sa iyo. Kumonsulta sa court clerk o sa iyong tagapagtanggol upang malaman ang patakaran sa inyong korte.
Kung ikaw ang may responsibilidad na ipaabot ang mga papeles sa nanakit sa iyo, hindi mo ito maaaring gawin sa iyong sarili. Kailangan mong kumuha ng process server o magpagawa nito sa isang taong hindi sangkot o hindi saksi sa kaso. Kailangang pirmahan ng taong ito ang isang pahayag sa korte bilang patunay ng pagkakadeliver ng mga papeles.

Kailangan ko ba ng abogado upang makakuha ng protection order?

Hindi. Sa karamihan ng mga estado, maaari kang makakuha ng protection order nang hindi kumukuha ng abogado. Gayunpaman, kung maaari, kumuha ng abogado at ipaalam sa korte kung kailangan mo ng tagapagsalin. Kung balak ng nanakit sa iyo na makipaglaban para sa kustodiya ng iyong mga anak o kung siya ay nagsampa ng protection order laban sa iyo, agad kang makipag-ugnayan sa isang abogado.
Kung wala kang legal na papeles at ang nanakit sa iyo ay kumuha ng abogado, huwag kang pumunta sa korte nang mag-isa. Humingi ng tulong sa iyong lokal na silungan o programa para sa mga biktima ng karahasan sa tahanan upang makahanap ng abogado o legal na tagapagtanggol na makakatulong sa iyong kaso. May mga programa sa bawat estado na nag-aalok ng libreng o murang legal na serbisyo para sa mga biktima ng karahasang laban sa kababaihan.

Paano kung magpasya akong umalis sa county o estado kung saan ko nakuha ang aking protection order?

Kailangang kilalanin at ipatupad ng mga pulis sa Estados Unidos ang mga protection order mula sa ibang estado ayon sa Violence Against Women Act. Kapag lumipat ka, kumuha ng certified copy ng iyong protection order mula sa korte at idikit sa likod nito ang mga probisyon ng "full faith and credit" ng Violence Against Women Act.[12] Pagdating mo sa iyong bagong lugar, tumawag sa lokal na programa para sa karahasan sa tahanan upang malaman kung paano ipatutupad ang iyong protection order sa iyong bagong estado.[11]

Kapag may protection order na ako, maaari ko ba itong baguhin o bawiin?

Oo. Sa anumang oras ay maaari kang magsampa ng kahilingan upang baguhin o palitan ito. Kung babalik ka sa nanakit sa iyo matapos mong makakuha ng protection order, mananatili pa rin itong balido, ngunit sa ilang estado, maaaring kailanganin mong baguhin ang protection order.

[9] Ang Service of Process ay isang pormal na paraan ng pagbibigay ng mga papeles na ito sa nanakit upang malaman ng korte na natanggap niya ang mga ito.
[10] Pumunta sa www.legalmomentum.org at buksan ang Immigrant Women Program upang makakuha ng kopya ng mga probisyong ito.
[11] 8 U.S.C. § 2265 (2007).

LEGAL NA IMPORMASYON PARA SA MGA INA NA IMIGRANTENG BIKTIMA NG KARAHASAN

Kung ang iyong mga anak ay inabuso, maaari silang maging kwalipikado para sa tulong sa imigrasyon.

Kung ikaw ay inabuso at ang iyong mga anak ay hindi inabuso, maaaring makatanggap ng tulong sa imigrasyon ang iyong mga anak mula sa iyong kaso.

- Kung ikaw ay kwalipikado na magsampa ng VAWA self-petition, maaari mong isama ang iyong mga anak sa petisyon.
  - Kapag naaprubahan ang iyong aplikasyon, kapwa ikaw at ang iyong mga anak ay makakatanggap ng kasunduan na hindi kayo ipapa-deport ng DHS (tinatawag na deferred action status) at sabay ninyong matatanggap ang inyong mga green card.
- Kung ikaw ay kwalipikado para sa VAWA suspension o cancellation, papayagan ang iyong mga anak na manatili sa Estados Unidos habang nagsusumite ka ng mga papeles upang makuha nila ang kanilang legal na permanenteng paninirahan.
- Kung ikaw ay kwalipikado para sa battered spouse waiver, ang iyong mga anak ay lilipat mula sa pagiging conditional residents tungo sa pagiging lawful permanent residents kasabay mo.
- Kung ikaw ay kwalipikado para sa U-visa, ang iyong mga anak ay dapat ding makakuha ng U-visa kasama mo.
- Ang mga ina at mga madrasta ng mga ampon na bata ay maaari ring maging kwalipikado bilang mga self-petitioners, para sa VAWA cancellation of removal, at bilang mga aplikante para sa U at T-visa, kahit ano pa ang status sa imigrasyon ng inabusong anak o anak-anakan.

Kumuha ng Protection Order

Ang pagkuha ng protection order ang pinakamabilis na paraan upang makuha ang pansamantalang kustodiya ng iyong mga anak. Kung aalis ka sa relasyon, humiling ng kustodiya at child support sa iyong protection order. Maaaring itakda rin ng kautusan ang iskedyul ng pagdalaw sa pagitan ng mga bata at ng nanakit. Kung may no-contact order sa iyong protection order, dapat may ibang tao na tumulong sa iyo na ligtas na makipag-ugnayan sa nanakit tungkol sa mga bata. Maaaring ito ay isang tagapagtanggol, kaibigan, kapamilya, o ang iyong abogado. Kahit na piliin mong huwag iwan ang nanakit sa iyo, maaari ka pa ring humiling ng protection order na nagsasaad na hindi siya maaaring manakit sa iyo o sa iyong mga anak.

Kung pupunta ka sa isang silungan o ligtas na lugar bago magsampa ng protection order, isama mo ang iyong mga anak. Dapat mong sabihin sa iyong mga tagapagtanggol, abogado, at/o sa hukom kung ang nanakit sa iyo ay nagbanta na kukunin niya ang mga bata at hindi mo na sila makikita muli kung susubukan mong umalis, o kung siya ay nagbanta na kikidnapin ang mga bata o dadalhin sila palabas ng Estados Unidos. Turuan ang iyong mga anak kung paano tumawag sa 911 upang makakuha ng tulong kung kayo ay nasaktan o kung nilabag ng nanakit ang protection order.

IKAW AY MAY KARAPATAN SA KUSTODIYA AT CHILD SUPPORT KAHIT ANO PA ANG IYONG STATUS SA IMIGRASYON.

Magsampa para sa Permanenteng Kustodiya ng iyong mga Anak

Ang protection order ay maaaring magbigay sa iyo ng kustodiya ng iyong mga anak habang ito ay epektibo, kadalasan mula isa hanggang tatlong taon, depende sa estado na nag-isyu ng civil protection order. Upang magkaroon ng permanenteng kustodiya ng iyong mga anak, kailangan mong magsampa ng kaso sa family court na humihiling ng buong legal na kustodiya ng iyong mga anak.

Humanap ng abogado na makakatulong sa iyo sa kaso mo tungkol sa kustodiya kung sa tingin mo ay nais ng nanakit sa iyo na kunin ang kustodiya, magsasabing ayaw niyang ikaw ang magkaroon ng kustodiya, o pupunta sa korte kasama ang sarili niyang abogado. Kung ang nanakit sa iyo ay dumalo sa korte sa kaso ng kustodiya o protection order na may kasamang abogado, dapat kang humiling sa korte ng oras upang makahanap ng sarili mong abogado. Huwag kang pumayag o pumirma sa kahit ano nang walang abogado. Makakahanap ka ng family law attorney sa pamamagitan ng pagtawag sa iyong lokal na programa para sa karahasan sa tahanan o legal aid office.

Hindi dapat tanungin ng hukom ang tungkol sa iyong status sa imigrasyon sa family court. Kung babanggitin ng nanakit ang tungkol dito, humanap ng abogado na may karanasan sa mga kaso ng karahasan sa tahanan, kustodiya, at imigrasyon.

Sa kaso ng kustodiya, isasaalang-alang ng hukom ang pinakamabuting interes ng mga bata. Susuriin ng hukom ang kasaysayan ng kriminalidad at paggamit ng droga ng parehong magulang. Sa maraming estado, tinitingnan din ng mga hukom kung nagkaroon ng karahasan sa tahanan, kung sino ang nanakit o naging mapang-abuso, at kung ano ang naging epekto nito sa mga bata. Karaniwan, hindi binibigay ng korte ang kustodiya sa mga abusado. Maaari ka pa ring humiling ng legal na kustodiya ng iyong mga anak kahit na wala kang legal na pahintulot na manatili sa U.S.

Humiling ng Ligtas na Iskedyul ng Pagdalaw

Sa mga kaso ng protection order at kustodiya, madalas na binibigyan ng hukom ng karapatang dumalaw ang nanakit, maliban na lamang kung may matibay na dahilan para ipagbawal ito. Sabihin sa hukom kung naniniwala kang maaaring mapahamak ka o ang iyong mga anak sa tuwing makikipagkita sila sa nanakit.

Ipagbigay-alam din sa hukom kung ang nanakit ay umiinom o gumagamit ng droga sa harap ng mga bata, nagmaneho nang lasing o nasa impluwensya ng droga,nanakit o inabuso ang mga bata (pisikal o emosyonal), gumamit ng sobra o hindi angkop na disiplina, o nagbanta na kikidnapin ang mga bata. Sabihin din kung nakaranas ng problema ang mga bata dahil sa karahasang ito.

Maaaring magdesisyon ang hukom na ang pagdalaw ay supervised visitation kung may pag-aalala sa kaligtasan ng mga bata. Ibig sabihin, maaari lamang makipagkita ang nanakit sa mga bata kung may kasamang ibang tao, katulad ng kaibigan, kamag-anak, o tagapayo na naroon habang nagaganap ang pagdalaw o sa isang itinalagang lugar.

Kung may unsupervised visitation ang nanakit, dapat malinaw na nakasaad sa utos ng korte ang iskedyul, petsa, oras, at paraan ng pagsundo at paghahatid ng mga bata. Hindi mo kailangang makipag-ugnayan sa nanakit para dito. Kung nag-aalala kang baka hindi ibalik ng nanakit ang mga bata, o ayaw mong malaman niya kung saan ka nakatira o saan pumapasok sa paaralan ang mga bata, maaari mong ipakiusap na isang kaibigan o kamag-anak ang magsagawa ng palitan ng mga bata. Makipag-ugnayan din sa lokal na ahensya para sa karahasan sa tahanan upang alamin ang mga ligtas na opsyon para sa pagpalitan.

Kung hindi dumadalo ang nanakit sa nakatakdang pagdalaw, maaari kang humiling sa korte na ipatigil muna ang kanyang karapatang dumalaw. Kung pinapabayaan niya ang mga bata habang magkasama sila, humingi ng tulong mula sa isang abogado. Kung hindi niya ibinalik ang mga bata pagkatapos ng oras ng pagdalaw, tumawag agad sa pulisya.

Humiling ng Child Support

Kung ikaw ang may physical custody ng iyong mga anak, o kung may pinagsasaluhang kustodiya, kailangang magbigay ng child support ang nanakit. Karaniwang hanggang sa umabot sila ng 18 o 21 taong gulang. Maaari kang makatanggap ng child support sa pamamagitan ng protection order at/o sa isang permanenteng kaso para rito.

Ang halagang matatanggap mong suporta ay nakadepende sa kita mo at ng nanakit, bilang ng mga batang sinusuportahan, gastos sa pag-aalaga ng bata, at kung sino ang may physical custody at gaano katagal.

Kung may child support order, pinakamainam na hilingin na ito ay awtomatikong kaltasin mula sa suweldo ng nanakit at bayaran sa korte. Kung hindi siya magbabayad, maaari siyang makulong o utusang magbayad ng lahat ng hindi pa niya nababayaran.

PAMPUBLICONG BENEPISYO PARA SA MGA IMIGRANTENG BAGONG ANAK AT MGA BATA

Mga Benepisyong Magagamit ng Lahat ng Imigrante

Ang mga programang idinisenyo upang protektahan ang buhay o kaligtasan ay bukas para sa lahat. Walang kinalaman ang iyong status sa imigrasyon para sa mga programang ito. Ilan sa mga programang ito ay:

- Mga programa para sa crisis counseling at interbensyon;
- Mga serbisyo at tulong na may kinalaman sa proteksyon ng bata;
- Proteksiyon para sa mga matatanda;
- Pag-iwas sa karahasan at pang-aabuso;
- Mga biktima ng karahasan sa tahanan o iba pang kriminal na aktibidad;
- Gamot o paggamot para sa sakit sa pag-iisip o pag-abuso sa substansiya;
- Panandaliang tirahan para sa mga walang tahanan, para sa mga biktima ng karahasan sa tahanan, o para sa mga batang tumatakas, inabuso, o pinabayaan. Kasama rito ang emergency shelter at pansamantalang pabahay nang hanggang dalawang taon;
- Mga soup kitchen (libreng pagkain).
- Mga programang tumutulong sa mga indibidwal sa panahon ng matitinding kondisyon ng panahon;
- Mga community food bank;
- Mga programang pang-nutrisyon para sa nakatatanda at iba pang programang pang-nutrisyon para sa mga nangangailangan ng espesyal na tulong;
- Mga serbisyong medikal at pampublikong kalusugan at tulong sa mental health, kapansanan, o pag-abuso sa substansiya na kinakailangan upang maprotektahan ang buhay at kaligtasan;
- Mga aktibidad na idinisenyo upang protektahan ang buhay at kaligtasan ng mga manggagawa, bata at kabataan, o mga residente ng komunidad (tulad ng pulis, bumbero, ambulansya, atbp.); at
- Anumang iba pang programa, serbisyo, o tulong na kinakailangan para sa proteksyon ng buhay o kaligtasan.

Kung ikaw ay biktima ng karahasan sa tahanan, sekswal na pag-atake, human trafficking, o iba pang krimen na binanggit sa talakayan tungkol sa U-visa, maaaring kwalipikado kang makatanggap ng libreng serbisyong legal mula sa mga legal aid program.

Mga Benepisyo na Tanging "Qualified Immigrants" Lamang ang Maaaring Makatanggap

Ang ilang inabusong imigrante ay maaaring makatanggap ng ilang pampublikong benepisyo kung sila ay may VAWA immigration petition, o kung ang kanilang asawa o magulang ay nagsampa ng sponsorship visa case sa DHS, at maaari nilang patunayan na may "makabuluhang ugnayan" (substantial connection) sa pagitan ng pang-aabuso at ng kanilang pangangailangan sa tulong mula sa gobyerno.
Ang mga taong ito ay tinatawag na "qualified immigrants."

Sino ang mga "Qualified Immigrants" na Maaaring Tumanggap ng Pampublikong Benepisyo?

- Mga Lawful Permanent Residents (kabilang ang mga conditional permanent residents)
- Mga refugee
- Mga asylee
- Mga taong pinagkalooban ng withholding of deportation
- Mga taong pinagkalooban ng cancellation of removal
- Cuban/Haitian entrants
- Mga beterano
- Mga taong pinagkalooban ng conditional entry
- Mga Amerasian
- Mga taong na-parole sa Estados Unidos sa loob ng isang taon o higit pa
- Mga taong inabuso o nakaranas ng matinding kalupitan mula sa isang mamamayan ng U.S. o lawful permanent resident na asawa o magulang, at may nakabinbing o aprubadong VAWA case o family-based petition sa harap ng DHS;
- Mga bata na inabuso o nakaranas ng matinding kalupitan mula sa mamamayan ng U.S. o lawful permanent resident na magulang, at may nakabinbing o aprubadong VAWA case o family-based petition sa DHS;
- Mga biktima ng human trafficking na nag-aaplay para sa T visa.

Kapag nag-aaplay para sa mga pampublikong benepisyo, ang ahensya ng benepisyo ay dapat lamang suriin ang katayuan sa imigrasyon ng taong mismong nag-aaplay. Ang mga bata na U.S. citizen, lawful permanent resident, o "qualified immigrant" ay maaaring tumanggap ng ilang pampublikong benepisyo kahit na ang kanilang mga magulang ay hindi maaaring makatanggap nito.

Kung ikaw ay tinanong tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon habang nag-aaplay ng benepisyo para lamang sa iyong mga kwalipikadong anak, dapat mong sabihin sa tauhan ng ahensya na: "Hindi po ako nag-aaplay para sa aking sarili."

Ang mga Qualified Immigrants ay Maaaring Tumanggap ng:

• Temporary Assistance for Needy Families (TANF) (maliban kung pumasok ka sa U.S. pagkatapos ng Agosto 22, 1996 at sakop ka ng 5-taong paghihintay) • Medicaid at Medicare (maliban kung pumasok ka sa U.S. pagkatapos ng Agosto 22, 1996 at sakop ka ng 5-taong paghihintay) • Food Stamps (SNAP) (lahat ng qualified immigrant na bata ay maaaring tumanggap ng food stamps; ngunit ang mga adultong qualified immigrants ay dapat na nasa qualified status sa loob ng 5 taon) • Social Security Disability Insurance (SSDI) • Administration on Developmental Disabilities (ADD) (para lamang sa direktang serbisyo) • Child Care and Development Fund • Independent Living Programs	• Job Opportunities for Low-Income Individuals (JOLI) • Low-Income Home Energy Assistance Program (LIHEAP) • Mga Loan at Grant para sa Edukasyon sa Kolehiyo (Postsecondary Education Loans and Grants) • Pampublikong Pabahay (Public Housing) • Mga Programa ng Tulong para sa mga Refugee (Refugee Assistance Programs) • Section 8 Subsidized Housing • State Children's Health Insurance Program (CHIP) • Title IV Foster Care at Tulong sa Pag-aampon (kung ang mga magulang ay "qualified immigrants") • Title XX Social Services Block Grant Funds

Kumonsulta sa isang abogado o tagapagtaguyod (advocate) kapag nag-aaplay, dahil ang ilang benepisyo ay may mga patakaran sa tiyempo kung kailan ka magiging kwalipikado upang matanggap ang mga ito. Iilan lamang sa mga imigranteng biktima ang kwalipikado para sa mga benepisyo sa ilalim ng SSI (Supplemental Security Income).

Ang pagtanggap ng pampublikong benepisyo ay hindi hadlang para sa isang VAWA self-petitioner upang makakuha ng lawful permanent resident status.

Paano Nagiging "Qualified Immigrants" ang mga Inabusong Imigrante

Ang mga inabusong imigrante ay itinuturing na "qualified immigrants" kung natutugunan nila ang sumusunod na mga katangian:

- Ang imigrante o ang anak ng imigrante ay inabuso ng kanilang asawa o magulang na isang mamamayan ng U.S. o lawful permanent resident, o ng kamag-anak ng asawa o magulang na nakatira sa parehong tahanan, at hindi nakibahagi ang aplikante sa pang-aabuso. AT
  - Aprubadong family-based petition o VAWA self-petition; O
  - Pagkatapos maisampa ang petisyon, ang DHS ay nagbigay ng pahintulot upang tumanggap ng pampublikong benepisyo (ito ay tinatawag na prima facie determination); O
  - Ang inabusong imigrante ay nabigyan ng cancellation of removal ng isang immigration judge (ibig sabihin ay natigil ang proseso ng deportasyon at nabigyan siya ng green card); O
  - Sa isang kasalukuyang VAWA cancellation case, nagpasya ang immigration judge na maaaring tumanggap ng pampublikong benepisyo ang inabusong imigrante (kilala rin bilang prima facie determination).

AT

- Ang aplikante ay hindi na nakatira kasama ang nananakit o kailangan ang benepisyo upang makaalis sa abusadong sitwasyon.

AT

- Mayroong "makabuluhang ugnayan" (substantial connection) sa pagitan ng pang-aabuso at ng pangangailangan sa pampublikong benepisyo. Halimbawa: kung ang dahilan ng paghingi ng tulong ay upang makatakas sa pang-aabuso o dahil sa mga epekto ng naranasang pang-aabuso.

MGA BENEPISYONG PINOPONDOSO NG PAMAHALAAN NG U.S. AT NG MGA ESTADO (FEDERAL AT STATE FUNDED BENEFITS)

Pagkain (Food)

Lahat ng dokumentado at hindi dokumentadong imigrante ay kwalipikado para sa pang-emerhensiyang tulong sa pagkain mula sa mga food bank at mga charitable organization.

Tulong-Pagkain (Food Stamps)

Mga Pederal na Programa

May access sa Food Stamps ang maliit na bilang ng mga kwalipikadong imigrante. Kabilang sa mga "kwalipikadong imigrante" ang mga refugee, asylee, beterano at ang kanilang mga asawa at anak, mga imigrante na nakapaghanapbuhay ng 40 quarters, o mahigit pa. Kumonsulta sa isang abogado o tagapagtaguyod upang malaman kung ikaw ay kwalipikado.

Programa ng Food Stamps ng Estado

Maaaring piliin ng mga estado na magbigay ng state-funded na food stamps para sa mga imigrante, ngunit iilan lamang ang gumagawa nito. Bawat estado ay may partikular na requirement batay sa katayuan o pangangailangan. Maaaring tumulong ang isang lokal na social worker o abogado sa iyong aplikasyon. Para sa pinaka-updated na listahan ng mga food stamps program sa bawat estado, pumunta sa: www.NILC.org

Silungan (Shelter):

Pabahay ng Gobyerno at Mga Voucher sa Pabahay

Ang mga programa sa tirahan para sa mga taong walang tirahan, biktima ng karahasan sa tahanan, mga batang tumatakas, mga batang pinabayaan, o inabuso ay bukas para sa lahat kahit ano pa ang katayuan sa imigrasyon. Ngunit, tanging ang mga "kwalipikadong imigrante" lamang ang maaaring makinabang sa mga pabahay ng gobyerno o mga voucher sa pabahay na pinopondohan ng pederal na pamahalaan.

Pangangalagang Pangkalusugan.

Ang Emergency Medicaid ay Bukas Para sa Parehong Dokumentado at Hindi Dokumentadong mga Imigrante

Ang lahat ng imigrante ay agarang karapat-dapat para sa Emergency Medicaid. Sinasaklaw ng Emergency Medicaid ang panganganak pati na rin ang paggamot sa mga kondisyong medikal na may "matitinding sintomas na maaaring magdulot ng seryosong panganib sa kalusugan ng pasyente, magresulta sa pagkaantala ng paggana ng katawan, o magdulot ng diperensya sa anumang bahagi o organo ng katawan." Para sa talaan ng mga uri ng serbisyong pangkalusugan na maaaring ma-access ng mga imigrante at biktima ng karahasan, pumunta sa: www.legalmomentum.org

Medicaid at SCHIP

Nagbibigay ang Medicaid ng access sa mga serbisyong pangkalusugan para sa mga taong nangangailangan. Ang SCHIP naman ay nagbibigay ng insurance sa kalusugan para sa mga pamilyang may mga anak na nangangailangan. Karaniwan, tanging mga "kwalipikadong imigrante" lamang ang maaaring tumanggap ng Medicaid at SCHIP—kabilang dito ang mga imigranteng kababaihan at bata na inaabuso ng kanilang asawang mamamayan ng U.S. o legal permanent resident na magulang, at may nakapagsumite na ng petisyon para sa imigrasyon sa DHS, o may naaprubahang petisyon. Kailangan din nilang patunayan na may "malaking kaugnayan" ang abuso sa pangangailangan sa tulong medikal.

Para sa tsart ng mga karapat-dapat na imigranteng biktima sa bawat estado para sa Medicaid at/o Victims of Crime Act na pinondohang prenatal at/o post-assault na serbisyong pangkalusugan, pumunta sa: www.legalmomentum.org. Nagbibigay din ang ilang estado ng tulong medikal na pinondohan ng estado para sa ilang mga imigrante; bisitahin ang www.nilc.org upang matuto pa.

Tulong Pinansyal

TANF

Ang Temporary Assistance for Needy Families (TANF) ay isang programa na nagbibigay ng tulong salapi sa mga pamilyang salat sa yaman. May opsyon ang mga estado na ipagkaloob ang mga benepisyong ito sa ilang pamilyang imigrante na nangangailangan. Karaniwan, tanging mga "kuwalipikadong imigrante" lamang ang maaaring makatanggap ng TANF.

May ilang State TANF Programs na nagbibigay ng tulong salapi sa ilang kuwalipikadong imigrante.

Para sa pinakabagong listahan ng mga estadong nagbibigay ng tulong pinansyal sa mga imigrante, bumisita sa: www.NILC.org

Opsyon sa Karahasan sa Pamilya para sa mga Babaeng Biktima ng Karahasan na Tumatanggap ng TANF

Pinapayagan ng Family Violence Option (FVO) ang mga estado na magbigay ng "good cause waivers" o mga exemption mula sa ilang kinakailangan sa TANF program, gaya ng sapilitang pagtatrabaho at mga limitasyon sa panahon ng pagtanggap ng tulong. Kung ikaw ay isang biktimang imigrante na kuwalipikado para sa TANF, maaaring ikaw ay kuwalipikado rin sa FVO ng iyong estado.

Mga Kinakailangan sa Pag-uulat ng Katayuang Imigrante

Inutusan ng Attorney General ng Estados Unidos ang mga ahensya ng kapakanan ng estado na humingi lamang ng impormasyon tungkol sa katayuang imigrante ng taong humihiling ng benepisyo. Maaari kang mag-aplay ng benepisyo para lamang sa iyong mga anak at hindi ka obligadong sagutin ang mga tanong tungkol sa iyong sariling katayuang imigrante o numero ng social security. Dapat kang magsama ng tagapagtanggol o abogado kapag nag-aplay ka upang maiwasan ang hindi awtorisadong pagtatanong at upang matiyak na matatanggap mo ang mga benepisyong karapat-dapat para sa iyo.



PAGTATRABAHO AT MGA KARAPATAN SA LUGAR NG TRABAHO [12]

Ang mga manggagawang imigrante, dokumentado man o hindi, ay may proteksyon sa ilalim ng mga pederal at panlalawigang batas sa paggawa. Kung magsampa ka ng reklamo sa Equal Employment Opportunity Commission (EEOC) tungkol sa hindi nabayarang sahod, kompensasyon sa manggagawa, o anumang isyu na may kaugnayan sa trabaho, hindi mo kailangang sagutin ang mga tanong tungkol sa iyong katayuang imigrasyon para maproseso ang iyong reklamo. Gayunman, pagdating sa mga batas at patakaran ng estado at lokal na pamahalaan, maaaring magkaiba-iba ang mga proseso, kaya makabubuting kumonsulta sa isang abogado o tagapagtaguyod sa inyong lugar upang matulungan kang ipaglaban ang iyong mga karapatan sa trabaho.

Kung ikaw ay isang hindi dokumentadong imigrante at ikaw ay naging biktima ng aktibidad na kriminal sa lugar ng trabaho o ng isang katrabaho o superbisor, at handa kang iulat ito sa mga tagapagpatupad ng batas o sa Equal Employment Opportunity Commission (EEOC) o ibang ahensyang nagsisiyasat, maaari kang maging karapat-dapat para sa isang U-visa. Kung ikaw ay dumating sa U.S. at na-recruit, na-coerce (pinilit), pinilit, o nilinlang na pumasok sa isang trabaho na hindi mo kayang lisanin, maaaring ikaw ay isang biktima ng human trafficking. Tingnan ang mas naunang seksyon tungkol sa trafficking para sa karagdagang impormasyon.

[12] Adapted from Legal Momentum، EEOC، Asian American Legal Defense and Education Fund، and National Employment Law Project Materials

Mga Proteksyong Iniaalok ng Equal Employment Opportunity Commission (EEOC)

Ang mga batas pederal laban sa diskriminasyon sa trabaho ay nagpoprotekta sa lahat ng manggagawa sa Estados Unidos, kabilang ang mga walang awtorisasyon sa pagtatrabaho. Labag sa batas para sa isang employer na diskriminahin ka batay sa iyong katayuan sa imigrasyon. Labag din sa batas kung ang iyong employer ay mag-uulat o magbanta na iuulat ang iyong katayuan sa Department of Homeland Security (DHS) kung ikaw ay tumutol sa ilegal na diskriminasyon o lumahok sa isang kaso sa ilalim ng mga batas laban sa diskriminasyon.

Kahit na ikaw ay undocumented, kung ang iyong employer ay gumanti laban sa iyo dahil humingi ka ng tulong tungkol sa mga problema sa trabaho, maaaring may karapatan ka sa kompensasyon.
Ang mga undocumented na manggagawa ay maaaring may karapatan din sa ilang parehong mga remedyo na iniaalok sa ibang manggagawa para sa mga paglabag sa batas na ipinatutupad ng EEOC, maliban kung ang remedyo ay sumasalungat sa layunin ng batas sa imigrasyon.

Ano ang dapat kong malaman tungkol sa mga batas laban sa diskriminasyong sekswal?

Maaaring lumabag ang iyong employer sa mga batas laban sa diskriminasyon kung pinapayagan nito ang domestic abuse, sexual assault, o sexual harassment na mangyari sa lugar ng trabaho, o kung iba ang pagtrato sa mga babaeng biktima ng abuso kumpara sa mga lalaking empleyado.
Ang patakaran ng iyong kumpanya tungkol sa diskriminasyon sa kasarian at sexual harassment (kung mayroon sila nito) ay maaaring gamitin bilang batayan upang humiling sa iyong employer na itigil ang diskriminasyon laban sa iyo, o gumawa ng hakbang upang itigil, bawasan, o pigilan ang sexual harassment.

Mayroon ba akong legal na karapatan kung ako ay natanggal o napilitang magbitiw sa trabaho dahil sa karahasang domestiko?

Maaaring mayroon kang habol para sa maling pagkatanggal sa trabaho. Karamihan sa mga empleyado ay tinatawag na "employees at will," ibig sabihin ay maaari silang tanggalin sa trabaho sa anumang dahilan. Ngunit may ilang mga pagbubukod sa patakarang ito. Isa sa mga pagbubukod ay hindi maaaring tanggalin ng isang employer ang isang tao batay sa diskriminasyon.

Isa pang pagbubukod ay sa karamihan ng mga estado, hindi maaaring tanggalin ng isang employer ang isang manggagawa sa kadahilanang labag sa pampublikong polisiya. Iba-iba ang kahulugan ng "labag sa pampublikong polisiya" sa bawat estado, ngunit sa pangkalahatan, ito ay tumutukoy sa mga bagay na kinikilala ng estado na nakakasama sa lahat ng tao kung hahayaan mangyari. Kung ikaw ay natanggal sa trabaho dahil ikaw ay biktima ng karahasang domestiko, maaaring mapatunayan mo na ang iyong pagkatanggal ay labag sa pampublikong polisiya.

PAGPAPLANO PARA SA KALIGTASAN PARA SA MGA IMIGRANTE AT REFUGEE NA KABABAIHAN

Ang pagpaplano para sa kaligtasan ay isang mahalagang unang hakbang para sa lahat ng kababaihang biktima ng karahasan. Ang pagpaplanong ito ay makatutulong upang maprotektahan at mabigyan ka ng lakas laban sa mga banta ng karahasan sa hinaharap para sa iyo at/o sa iyong mga anak. Makakatulong din ito upang makapaghanda ka kung sakaling magdesisyon kang iwan ang iyong nananakit—ngayon man o sa hinaharap.

Ang oras ng iyong pag-alis sa iyong nananakit ay maaaring ang pinaka-mapanganib para sa iyo at sa iyong mga anak, sapagkat madalas lumalala ang karahasan kapag nararamdaman ng abuser na nawawala na ang kanyang kontrol sa iyo. May mga opsyon kang maaaring gawin kung nais mong iwan ang relasyon:

1. Maaari kang kumuha ng protection order na mag-aalis sa iyong nananakit mula sa bahay ng pamilya; O
2. Maaari mong lisanin ang bahay na tinitirhan ninyo ng iyong nananakit at isama ang iyong mga anak.

Dapat mong malaman na maaari kang gumawa ng mga legal at iba pang hakbang upang wakasan ang pang-aabuso, kahit na wala kang legal na status sa imigrasyon sa Estados Unidos.

MGA PANUKALANG PANG-EMERHENSIYA

- Makipag-ugnayan sa isang lokal na hotline para sa karahasan sa tahanan upang malaman kung anong mga batas, silungan, at mga mapagkukunan ang magagamit sa iyong komunidad, estado, o sa anumang lugar sa Estados Unidos.
- Gumawa ng plano para sa ligtas na pag-alis mula sa iyong tahanan. Sanayin ang plano kasama ang iyong mga anak.
- Planuhin ang pinaka-ligtas na oras upang makaalis.
- Ilagay sa madaling maabot na lugar ang mga susi ng sasakyan, pitaka, mga ID para sa iyo at sa iyong mga anak, at iba pang mahahalagang gamit.
- Sabihin sa isang tao ang nangyayari sa iyo. Kung posible, ipaalam sa iyong mga kapitbahay ang tungkol sa pang-aabuso at sabihan silang tumawag ng pulis kung makarinig sila ng mga kahina-hinalang ingay mula sa iyong tahanan. Maaari ka ring makipagkasundo ng senyales sa mga kapitbahay upang ipaalam sa kanila na ikaw ay nasa panganib at kailangan mo ng tulong mula sa pulis — halimbawa, pagpa-flash ng ilaw o paggamit ng code word.
- Alamin kung saan ka maaaring humingi ng tulong. Maghanda ng lugar kung saan kayo pansamantalang maaaring manatili ng iyong mga anak, gaya ng sa malalapit na kaibigan, kapitbahay, kamag-anak, o sa isang emergency shelter.
- Kung ikaw ay nag-iisip na manatili sa isang silungan para sa kababaihang biktima ng karahasan:
  - Kumuha ka ng numero ng telepono ng silungan.
  - Ang mga emergency at panandaliang silungan at mga transitional housing programs ay hindi maaaring magtanong tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon, at lahat ng mga imigrante ay may karapatang makagamit ng mga emergency na panandaliang programa sa silungan.
  - Kung hindi ka marunong magsalita ng Ingles, humingi ng tagasalin mula sa silungan. Kung hindi mo ito maiparating sa mga manggagawa sa silungan, humingi ng tulong mula sa isang pinagkakatiwalaang kaibigan, kamag-anak, o katrabaho upang makipagkomunika sa kanila.
  - Maaari mong sabihin sa silungan ang tungkol sa anumang espesyal na relihiyoso, kultural, o diyetar na pangangailangan mo.
- Sa isang ligtas at madaling ma-access na lugar, mag-imbak ng maleta na may mga mahahalagang gamit na maaaring kailanganin mo kung kailangan mong lisanin ang iyong tahanan, tulad ng: mga damit para sa iyo at sa iyong mga anak; pera; mahahalagang dokumento na maaaring kailanganin upang patunayan ang pang-aabuso na naranasan mo; mga papeles sa imigrasyon, mga larawan, at pagkakakilanlan.
- Kung inaasahan mong magkakaroon ng karahasan, subukang lumayo sa mga sandata at sa kusina kung saan maaaring gamitin ang mga kutsilyo o mabibigat na bagay bilang sandata. Lumipat sa isang lugar na mababa ang panganib at malapit sa labasan. Iwasan ang mga banyo, kusina at garahe.
- Gamitin ang iyong paghatol at pakiramdam. Kailangan mong gawin ang makakaya mo upang maprotektahan ang iyong sarili at ang iyong mga anak hanggang sa makalayo ka sa panganib. Kung maaari, tumakas na lang kaysa subukang lumaban. Iwasang gumamit ng mga armas o bagay laban sa iyong abuser kung maaari.
- Tumawag ng pulis kung ikaw ay nasa panganib o nangangailangan ng tulong.
- Tutulungan ka ng pulisya kung ikaw ay biktima ng karahasan sa tahanan o anumang iba pang krimen kahit na ikaw ay walang dokumento. Hindi ka dapat tanungin ng pulisya tungkol sa iyong imigrasyon. Kung gawin nila ito, hindi mo kailangang sumagot. Sabihin sa kanila na gusto mong makausap ang isang abogado. Kung hindi nagsasalita ng iyong wika ang pulis, subukang humingi ng tagasalin.
- Kung nasugatan ka, pumunta sa emergency room ng ospital o sa iyong doktor at sabihin sa kanila kung ano ang nangyari sa iyo. Bago mo sabihin ang nangyari, tanungin mo muna sila kung kumpidensyal ba ang sasabihin mo. Kung oo, ikuwento mo ang nangyari at hilingin na idokumento nila ang iyong pagbisita at mga sugat. Kung kailangan nilang iulat sa pulis ang karahasan sa tahanan, dapat nilang sabihin ito sa iyo kapag tinanong mo, at ikaw ang magpapasya kung gusto mong ipaalam ito sa pulis. Kung oo, sabihin mo kung ano ang nangyari at hilingin mong idokumento nila ang iyong mga sugat. Kung kinakailangan nilang iulat sa pulis at ayaw mong gawin ito, huwag mong sabihin kung ano ang nangyari; hilingin mo lang na idokumento ang iyong mga sugat.
- Kung makatagpo ka ng mga opisyal mula sa Department of Homeland Security (DHS), sabihin mo sa kanila na ikaw ay biktima ng karahasan sa tahanan, sekswal na pag-atake, o trafficking at ipakita ang mga kopya ng anumang papeles sa imigrasyon, ulat ng pulis, o proteksiyon na kautusan na mayroon ka.
- Kung ikaw ay pinigilan ng mga opisyal ng DHS, mahalaga ring sabihin na gusto mong tumawag ng abogado. Kapag nagsimula ka nang makipagtulungan sa isang advocate o abogado, humingi ka ng kanilang mga numero ng telepono upang matawagan mo sila kung sakaling mapigilan ka ng DHS.

- Kung makatagpo ka ng mga opisyal ng DHS sa alinman sa mga sumusunod na lokasyon, humanap ng isang advocate o abogado upang tulungan kang ipaalam sa DHS na ang pakikipag-ugnayan nila sa iyo sa lugar na ito ay lumalabag sa VAWA confidentiality. Kumuha rin ng pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan kabilang ang mga numero ng telepono ng sinumang saksi sa pakikipag-ugnayan ng DHS sa iyo sa mga lokasyong may proteksyon sa ilalim ng "VAWA confidentiality."
  - Isang shelter
  - Sentro ng krisis para sa mga biktima ng panggagahasa
  - Sentro para sa pinangangasiwaang pagbisita
  - Sentro ng hustisya para sa pamilya
  - Programa o tagapagbigay ng serbisyo para sa mga biktima
  - Organisasyong nakabatay sa komunidad
  - Hukuman na may kaugnayan sa anumang kaso ng protection order, kustodiya ng bata, kasong sibil o kriminal na may kinalaman o may kaugnayan sa karahasang pantahanan, seksuwal na pag-atake, human trafficking, o stalking.

Ang pagiging kumpidensyal sa ilalim ng VAWA ay isang batas pederal na nagpoprotekta sa mga biktimang imigrante laban sa pagbubunyag ng impormasyon ng pamahalaan tungkol sa kanilang pagiging biktima. Ipinagbabawal din nito sa mga opisyal ng gobyerno ang paggamit ng impormasyong ibinigay ng nang-abuso upang tanggihan ang mga benepisyong imigrasyon ng biktima o subukang paalisin siya mula sa Estados Unidos.[13]

KALIGTASAN PARA SA MGA BATA

- Magplano kasama ang iyong mga anak at tukuyin ang ligtas na lugar para sa kanila sakaling muling magkaroon ng insidente ng karahasan sa tahanan — isang silid na may ligtas na kandado o bahay ng kapitbahay kung saan sila maaaring humingi ng tulong. Ipaliwanag sa kanila na ang tungkulin nila ay manatiling ligtas, hindi ang protektahan ka.
- Turuan ang iyong mga anak kung paano tumawag sa 911 sa oras ng emerhensiya at kung saan pupunta kung maging marahas ang nang-aabuso.
- Magplano nang maaga upang kung kinakailangang tumakas, magagawa mong isama ang iyong mga anak.
- Ipabatid sa mga guro at tauhan ng paaralan kung sino lamang ang pinapayagang magsundo sa iyong mga anak.
- Magbigay ng kopya ng iyong protection order sa mga tagapag-alaga at tauhan ng paaralan ng iyong mga anak, pati na rin ang listahan ng tanging mga taong pinapayagang makakita o magsundo sa kanila.
- Kung sakaling dukutin ng nang-aabuso ang iyong mga anak, gumawa ng plano kung ano ang maaaring gawin ng iyong mga anak upang subukang ligtas na pigilan ito. Turuan silang tumawag sa pulis at ipaliwanag na ang pagtawag sa pulis ay para sa kanilang kaligtasan at isang tamang gawin. Turuan silang tumawag ng collect call sa iyo o sa isang pinagkakatiwalaang kaibigan, pastor o kamag-anak kung sila ay dukutin. Turuan sila kung paano humingi ng tulong kung sila ay dukutin mula sa pampublikong lugar.
- Kung ikaw ay mapatigil ng DHS at ikaw lamang ang tagapag-alaga ng iyong mga anak, sabihin ito agad sa DHS. Maaaring pahintulutan ng DHS ang ilang solo parent at mga inang nagpapasuso na ipagpatuloy ang pag-aalaga sa kanilang mga anak habang dinidinig ang kanilang kaso. Kung ikaw ay mapatigil ng DHS, mahalagang agad kang makipag-ugnayan sa isang immigration attorney.

PANGKALAHATANG MGA TIP PARA SA KALIGTASAN

- Kumuha ng mga litrato ng anumang pinsala na iyong natamo. Kunan din ng litrato ang mga punit na damit, sirang gamit, at mga kasangkapang nakakalat. Gawin ito kapag ligtas ka na. Itabi ang mga kopya ng litrato at ang mga negatibo sa isang ligtas na lugar sa labas ng iyong tahanan at malayo sa abuser.
- Panatilihin ang ebidensya ng pang-aabuso (tulad ng punit na damit, litrato ng mga pasa o sugat, atbp.), kahit hindi mo pa naiisip na iwanan ang abuser. Kung sakaling magdesisyon kang gumawa ng legal na hakbang para protektahan ang iyong sarili at mga anak, o humiling ng kustodiya, suporta, tulong pinansyal, o benepisyo sa imigrasyon, kakailanganin mo ang ebidensyang ito.

[13] 8 U.S.C. § 1367 (2007).

- Laging magtago ng kopya ng iyong protection order at referral list kasama mo (kung ligtas gawin ito) at mag-imbak ng isa pang kopya sa isang ligtas na lugar.
- Baguhin ang iyong mga nakagawiang gawain upang hindi ka matagpuan ng iyong nang-aabuso. Baguhin ang mga oras at ruta ng iyong pagpunta at pag-uwi mula sa trabaho, ang mga oras at lugar ng iyong pamimili, ang mga oras ng paghatid at pagsundo sa mga bata sa daycare, at ang mga petsa at oras ng iba mo pang regular na appointment.
- Panatilihing detalyado ang talaan ng iyong mga pakikipag-ugnayan sa nang-aabuso, tulad ng mga tawag sa telepono, e-mail, o sulat. Maaaring makatulong ang impormasyong ito sa paghahanda mo para sa korte. Itala ang lahat ng kaniyang mga kilos na lumalabag sa iyong protection order. Magkaroon ng telephone answering machine at sagutin ang lahat ng tawag sa pamamagitan ng machine. Makakatulong ito upang maitala ang mga tawag na nagpapatunay ng patuloy na panliligalig. Itago ang lahat ng sulat at e-mail na ipinapadala sa iyo ng iyong nang-aabuso.

MGA HAKBANG LEGAL

Makipag-ugnayan sa lokal na hotline para sa karahasan sa tahanan, kanlungan, o legal na serbisyo para sa tulong. Maaari nilang ipaalam sa iyo ang iyong mga legal na karapatan at tulungan kang makakuha ng legal na proteksyon. Maaari rin silang tumulong sa paghahanap ng mga tagapagsalin na makakatulong sa iyo. Upang makahanap ng tagapagtaguyod o abogado sa iyong komunidad na makakatulong sa iyo, tumawag sa National Domestic Violence Hotline 1-800-799-SAFE o sa Rape, Abuse and Incest Network Hotline sa 1-800-656-HOPE para sa mga referral. Kapag mayroon ka nang tagapagtaguyod o abogado na tumutulong sa iyo, ipakita sa kanila ang booklet na ito at hilinging kontakin nila ang mga ekspertong nakalista sa dulo ng booklet na ito. Ang mga ekspertong nakalista ay nagbibigay ng teknikal na tulong sa mga tagapagtaguyod, abogado, at iba pang propesyonal na tumutulong sa mga biktimang imigrante. HINDI sila nagbibigay ng legal na representasyon sa mga biktima.

MGA KASONG KRIMINAL

- Pinoprotektahan ng mga batas ng U.S. ang lahat ng biktima ng karahasan sa tahanan kahit ano pa ang kanilang kalagayang imigrasyon.
- Kung tatawag ka ng pulis para humingi ng tulong, hindi sila dapat magtanong ng anumang bagay tungkol sa iyong kalagayang imigrasyon.
- Tumawag ng pulis para humingi ng tulong kung ikaw ay inaabuso (911).
- Isang krimen kahit saan sa Estados Unidos ang saktan, sipain, suntukin, takutin, o pinsalain sa anumang paraan ng isang miyembro ng pamilya, kahit mangyari ito sa loob ng inyong tahanan.
- Maaaring kasuhan ang mga nang-aabuso dahil sa kanilang mga krimen laban sa miyembro ng pamilya, kahit wala pang legal na katayuan sa Estados Unidos ang miyembrong iyon.
- Ang pakikipagtulungan sa krimenal na kaso laban sa iyong nang-aabuso ay maaaring makapagpataas ng iyong tsansa na makakuha ng legal na status sa imigrasyon sa Estados Unidos.
- Kumonsulta sa isang lokal na programa para sa karahasan sa tahanan o imigrasyon tungkol sa mga gawain ng pulis at DHS sa inyong lugar.

LISTAHAN NG MGA DAPAT DALHIN KAPAG IIWAN MO ANG IYONG NANG-AABUSO

- larawan ng pagkakakilanlan para sa iyong sarili at sa iyong mga anak
- kasalukuyang mga litrato ng iyong mga anak
- kasalukuyang mga litrato ng nang-aabuso
- mga pasaporte para sa iyo at sa iyong mga anak
- mga sertipiko ng kapanganakan ng mga bata
- ang iyong sertipiko ng kapanganakan
- mga social security card ng iyong mga anak
- ang iyong social security card, kung mayroon ka
- green cards (alien registration card), para sa iyo at sa iyong mga anak kung kayo ay mayroon
- pera para sa mga tawag sa telepono, pamasahe, at iba pang gastusin
- mga credit card, checkbook, bank book, ATM card
- mga permit sa trabaho para sa iyo at sa iyong mas matatandang anak
- welfare identification para sa iyo at sa iyong mga anak
- mga susi ng bahay, opisina, at kotse, at anumang dokumento ng pagmamay-ari

- lisensiya sa pagmamaneho at rehistrasyon
- mga kinakailangang gamot, talaang medikal, at mga papeles ng insurance para sa iyo at sa iyong mga anak
- mga talaan ng paaralan at bakuna ng mga bata
- mga maliliit na bagay na maaaring ipagbili
- damit para sa iyo at sa mga bata
- Lahat ng dokumento mula sa korte
- telephone/address book, kasama ang mga tagapagbigay ng serbisyo para sa mga biktima
- mga paboritong laruan, libro, at kumot ng mga bata
- ang iyong mga bagay na may sentimental na halaga at hindi mapapalitan, tulad ng mga litrato, alahas, at espesyal na regalo mula sa iyong pamilya

UPANG PATUNAYAN ANG PANG-AABUSO AT ANG EPEKTO NITO SA IYO AT SA IYONG MGA ANAK

- mga kopya ng ulat ng pulis
- mga kopya ng talaang medikal
- mga talaan ng ospital na nagdodokumento ng pang-aabuso (kahit hindi mo sinabi ang dahilan ng pinsala)
- mga kopya ng kasalukuyan at dating mga protection order (civil, criminal, pansamantala, emergency)
- mga litrato ng iyong mga pinsala
- punit na damit o wasak na ari-arian
- ang iyong diary at/o kalendaryo kung saan mo itinala ang mga insidente ng pang-aabuso o mga problema
- mga pangalan ng mga kanlungan na tinuluyan mo
- mga pangalan, address at numero ng telepono ng mga doktor, nars, tagapayo, propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip at social workers na nakausap o tumingin sa iyo o sa iyong mga anak
- mga pangalan, address at numero ng telepono ng mga taong: nakakita ng iyong mga pasa, nakarinig ng iyong sigaw, nakasaksi ng anumang insidente ng pang-aabuso, pinagsabihan mo tungkol sa pang-aabuso, tinuluyan mo para sa kanlungan o makapaglalarawan ng epekto ng pang-aabuso sa iyo at sa iyong mga anak
- mga pangalan, address at numero ng telepono ng mga pulis, taga-usig, hukom o iba pang opisyal ng gobyerno na may alam sa karahasang dinanas mo sa tahanan

UPANG MAKAKUHA NG SUPORTA PARA SA ANAK

- ang social security number ng iyong asawa o ng magulang ng iyong anak
- isang kopya ng pinakahuling pay stub ng iyong asawa o ng magulang ng iyong anak
- ang pangalan, address, numero ng telepono at fax ng employer ng iyong asawa o ng magulang ng iyong anak
- isang kopya ng tax returns ng iyong asawa o ng magulang ng iyong anak para sa nakaraang tatlong taon
- patunay kung sino ang magulang ng iyong anak (mga sertipiko ng kapanganakan ng mga bata, pagkilala sa pagiging ama, o ibang katibayan)



PARA SA MGA INAABUSONG KABABAIHANG IMIGRANTE NA MAAARING KWALIPIKADO PARA SA TULONG SA ILALIM NG VIOLENCE AGAINST WOMEN ACT O IBA PANG URI NG TULONG SA IMIGRASYON:

- mga work permit, green card, aplikasyon ng visa, at iba pang papeles sa imigrasyon para sa iyo at sa iyong mga anak
- mga kopya ng anumang dokumentong naisumite sa DHS
- lisensya at sertipiko ng kasal para sa kasalukuyang kasal
- mga papeles ng diborsyo mula sa iyong mga nakaraang kasal o sa mga nakaraang kasal ng iyong asawa
- mga sertipiko ng kapanganakan, pag-aampon, at rekord ng pagkilala sa pagiging ama para sa bawat isa sa iyong mga anak
- mga pasaporte at I-94 (rekord ng pagpasok sa U.S.) para sa iyo at sa iyong mga anak, kung mayroon
- mga ID (social security, lisensya sa pagmamaneho, welfare identification)
- mga kopya ng sertipiko ng kapanganakan ng iyong asawa, social security card, green card, pasaporte, o certificate of naturalization
- kung ang iyong asawa ay ipinanganak sa ibang bansa at ngayon ay isang mamamayan o may legal na pahintulot mula sa DHS upang manirahan at magtrabaho sa Estados Unidos, isulat at dalhin ang kanyang "A" number, ang numero sa kanyang green card, work visa, o naturalization certificate
- mga dokumentong isinampa sa korte at court order na may kaugnayan sa iyo, sa iyong asawa, at sa iyong mga anak
- mga litrato ng kasal, imbitasyon sa kasal, mga love letter mula sa iyong asawa
- mga litrato ng pamilya mula sa bakasyon, kaarawan, mga pagtitipon ng pamilya, at mga paglalakbay na inyong pinagsamahan
- mga titulo ng personal o real property, lease at kontrata sa pagrenta sa pangalan ninyong dalawa
- mga dokumentong nagpapatunay na kayo ay magkasamang nanirahan sa U.S. (tulad ng kopya ng lease agreement, titulo ng ari-arian, bayarin sa utility, resibo ng renta, mortgage payment book, mga liham na naka-address sa inyong dalawa, mga liham o magasin na naka-address sa iyo at sa iyong abuser sa parehong address at panahon)
- mga pangalan, address, at numero ng telepono ng mga taong nakakakilala sa inyo bilang mag-asawa, nakakaalam na kayo ay magkasamang nanirahan, o nakasaksi sa iyong mga pinsala o mga insidente ng karahasan
- mga kopya ng mga dokumentong may kaugnayan sa: joint checking o savings account, joint tax returns kung saan ikaw ay nakalista bilang dependent

- pagkakakilanlan na may larawan na nagpapakita ng iyong apelyido sa pag-aasawa,
- mga polisiya ng insurance sa buhay at kalusugan na sumasaklaw sa iyo, sa iyong asawa, at mga anak
- ulat mula sa employer na nagsasaad na ikaw o ang iyong asawa ay itinuring ang isa't isa bilang emergency contact

Kakagawa mo pa lamang ng unang hakbang tungo sa paglikha ng isang ligtas na tahanan para sa iyong sarili at sa iyong mga anak sa pamamagitan ng pagbabasa ng booklet na ito. Ang susunod na hakbang ay ang paggawa ng sarili mong listahan ng mga lokal na mapagkukunan, kasama ang kanilang mga numero ng telepono, at itala ang mga ito sa ibaba.

MAHALAGANG MGA NUMERO NG TELEPONO:
Mga Kaibigan:
Lokal na Kanlungan at/o Tagapagtaguyod Laban sa Karahasan sa Tahanan:
Lokal na Serbisyong Legal:
Upang makahanap ng mga programa sa inyong lugar, tumawag sa: **Pambansang Hotline para sa Karahasan sa Tahanan** 1-800-799-SAFE (7233) 1-800-787-3224 (TTY) May mga tagasalin na available sa maraming wika. Walang bayad ang mga tawag. Tumawag anumang oras.
Pulis —911 Tumawag sa pulis kung sa tingin mo ay nasa panganib ka o ang iyong mga anak. Kung magtanong ang pulis tungkol sa iyong kalagayang imigrasyon o kung saan ka ipinanganak, hindi mo kailangang sumagot.
Medikal na Emerhensiya — 911 Ang emergency room sa anumang pampublikong ospital ay dapat magbigay sa iyo ng agarang medikal na tulong, kahit wala kang dokumento o insurance.
Kapag ikaw ay nakikipagtulungan na sa isang tagapagtaguyod para sa mga babaeng biktima ng karahasan, social worker, o abogado, maaari silang tumawag o bumisita sa mga website ng mga sumusunod na eksperto mula sa National Network to End Violence Against Immigrant Women para sa teknikal na tulong kung paano ka mas mahusay na matutulungan. Ang mga numerong nakalista sa ibaba ay HINDI nagbibigay ng direktang tulong, pagtataguyod, legal na representasyon, o legal na payo sa mga biktima. The National Immigrant Women's Advocacy Project, American University,Washington Collegeof Law (202) 274-4457, niwap@wcl.american.edu ASISTA (515) 244-2469,www.asistaonline.org

Ang booklet na ito ay binuo ng:
National Immigrant Women's Advocacy Project (NIWAP)
American University, Washington College of Law
4910 Massachusetts Avenue NW
Suite 16, Lower Level
Washington, D.C. 20016
(202) 274-4457

Lahat ng larawan Copyright Leslye E. Orloff. NIWAP

Ang brochure na ito ay ginawa ng National Immigrant Women's Advocacy Project (NIWAP) sa American University, Washington College of Law at Legal Momentum at sinuportahan ng Grant Number 2011-TA-AX-K002 na iginawad ng Office on Violence Against Women, Office of Justice Programs, U.S. Department of Justice. Ang mga opinyon, natuklasan, konklusyon, at rekomendasyong ipinahayag sa publikasyong ito ay mula sa may-akda/mga may-akda at hindi kinakailangang sumasalamin sa pananaw ng Department of Justice, Office on Violence Against Women.

© 2013 National Immigrant Women's Advocacy Project, American University, Washington College of Law at Legal Momentum
Ang booklet na ito ay maaaring kopyahin at ipamahagi nang malaya basta't ang kredito ay ibinibigay sa
National Immigrant Women's Advocacy Project, American University Washington College of Law.